# KAKAYAHAN SA PAGBASANG TAHIMIK AT ANG KABUUANG MARKANG NATAMO NG MGA MAG-AARAL SA IKATLONG BAITANG: ISANG PAGSUSURI

---

Isang Tesis na

Iniharap sa

Kaguruan ng Paaralang Gradwado

Samar State Polytechnic College

Catbalogan, Samar

---

Bilang Bahagi ng mga Gawaing Itinakda

Para sa pagtamo ng Degring Master sa

SINING NG PAGTUTURO

Medyor sa Filipino

---

REMEDIOS C. GERENTE

Pebrero 1998

# DAHONG PAGPAPATIBAY

Itong tesis na pinamagatang "**KAKAYAHAN SA PAGBASANG TAHIMIK AT ANG KABUUANG MARKANG NATAMO NG MGA MAG-AARAL SA IKATLONG BAITANG: ISANG PAGSUSURI**", ginawa at ibinigay ni **REMEDIOS C. GERENTE**, pagkatapos na makapasa sa Komprehensibong Pagsusulit ay inatasang humarap sa isang Pasalitang Pagsusulit.

Pebrero 6, 1998
Petsa

**ULRICO B. MUSTACISA, Ed.D.**
Tagapayo

---

Pinagtibay ng Lupon sa isang Pasalitang Pagsusulit noong Pebrero 1998 na may gradong **PASADO**.

**RIZALINA M. URBIZTONDO, Ed.D.**
Tagapangulo

**MARILYN D. CARDOSO, Ph.D**
Kagawad

**ROSALINDA C. ARBOLERAS, M.A.**
Kagawad

**ANITA P. LEGATUB, M.A.T.**
Kagawad

---

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng pagtupad ng mga gawaing kailangan para sa pagtamo ng degring **MASTER SA SINING NG PAGTUTURO** medyor sa **FILIPINO**.

Pebrero 6, 1998
Petsa ng Pasalitang Pagsusulit

**RIZALINA M. URBIZTONDO, Ed.D**
Dekano, Gradwadong Pag-aaral

# PAGKILALA

Sa bawat tika-tik ng orasan, tunog ng bentilador at lagatak ng makinilya ay may isang nilalang na nagkukumahog na makabuo ng isang bagay... ang kanyang tesis. Ngunit, tulad sa isang sasakyan na humihimpil kapag walang gasolina, ang mananaliksik ay tumigil sa paggawa ng kanyang tesis dahil sa ilang personal na kadahilanan. Maraming pahina ng kalendaryo ang nalagas sa kanyang kinalalagyan, maraming panahon ang nasayang, dahil ang tesis ng mananaliksik ay naisantabi sa aparador at natakpan ng makapal na alikabok.

Ngunit, sa isang iglap nasindihan muli ang utak ng mananaliksik katulad ng isang sulo. Nabuhayan itong muli ng loob, bumangon upang tapusin ang nabimbing trabaho. Ang utak ng mananaliksik ay katulad ng isang sulo na sinindihan ng kanyang tagapayo at mga kakilala upang muling magliwanag at magsabog ng ningning. Tulad sa isang sasakyan na nalagyan ng primera klaseng gasolina muli itong umandar. Ang mananaliksik ay nagkaroon muli ng panibagong lakas at inspirasyong tapusin ang kanyang tesis. Sa wakas, tulad sa isang panday ang obra ng

mananaliksik ay natapos na rin. Hindi rin masusukat ang kasiyahang kanyang naramdaman. Habang siya ay nabubuhay nakatatak sa kanyang puso ang lahat ng mga taong tumulong at nagsilbing instrumento upang matapos ang tesis na ito. Ang mananaliksik ay taos pusong pinasasalamatan ang mga sumusunod:

Dr. Dominador Q. Cabanganan, Pangulo, ng SSPC sa pagbukas ng degring Master sa Sining ng Pagtuturo, Medyor sa Filipino;

Dr. Rizalina M. Urbiztondo, Dekano ng Paaralang Gradwado ng SSPC at Tagapangulo sa Lupon ng Pasalitang Pagsusulit, sa kanyang mga rekomendasyon upang makapagsagawa ng pananaliksik ukol sa pagbasang tahimik;

Dr. Ulrico B. Mustacisa, Pansangay na Tagamasid sa Filipino, Sangay ng Samar at tagapayo ng mananaliksik sa kanyang paghihikayat at matiyagang pagsubaybay upang matapos ang tesis na ito.

Dr. Jesusita L. Arteche, Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan, Sangay ng Samar sa pagbibigay ng permiso sa mananaliksik upang masimulan ang pananaliksik at makapagbigay ng pagsusulit sa pagbasang tahimik at talatanungan para sa mga napiling tagasagot o mga batang

kalahok na nagmula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar;

Propesor Alejandro E. Cananua, Propesor sa "Methods of Research", na nag-udyok sa mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral ukol sa pagbasang tahimik;

Dr. Marilyn D. Cardoso, Konsultant ng mananaliksik sa Estadistika, sa kanyang malaking tulong sa pagtuos ng mga datos.

Dr. Alfredo D. Dacuro, Pansangay na Tagamasid sa Ingles, Sangay ng Samar, sa kanyang mga konstruktibong puna at suhestiyon upang lalong maisaayos at mapayaman ang nilalaman ng tesis na ito;

Sa mga naging kasapi sa Lupon ng Pasalitang Pagsusulit na sina Gng. Rosalinda C. Arboleras, Bb. Anita P. Legatub, Gng. Lourdes C. Espares sa kani-kanilang mga makabuluhang suhestiyon upang lalong mapabuti at mapahusay ang tesis na ito;

Bb. Concepcion G. Caras, Punongguro, Paaralang Elementarya ng Guinsorongan sa kanyang pahintulot na makapagbigay ng panimulang pagsusulit sa mga batang nasa Ikatlong Baitang ng nasabing paaralan;

Sa mga Tagamasid ng Purok ng Catbalogan: Gng. Luz O. Letaba, dating Pampurok na Tagamasid Purok ng Catbalogan II; Gng. Florfina T. Daradal, bagong hirang Pampurok na Tagamasid, Purok ng Catbalogan II; Gng. Purificacion C. Daz, Pampurok na Tagamasid, Purok ng Catbalogan I; G. Emilio Fructuoso, Pampurok na Tagamasid, Purok ng Catbalogan III, at kay Bb. Nora Perez, Pampurok na Tagamasid, Purok ng Catbalogan IV, na nagbigay ng permiso at iba't ibang tulong sa mananaliksik upang makapagbigay ng pagsusulit at maipamudmod ang mga talatanungan sa mga napiling kalahok na nagmula sa ikatlong baitang sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar;

Sa mga guro at mga batang kalahok na nagmula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar sa kanilang taos pusong pakikibahagi ng kanilang ginintuang panahon upang ang mga totoong datos na may kinalaman sa pag-aaral ay mailabas at matuklasan;

Gng. Salvacion A. Lim, Libraryan ng DECSRO Candahug, Palo, Leyte; Gng. Josefina A. Amistoso, Libraryan ng SSPC, Catbalogan, Samar; Gng. Florentina A. Nobleza, Libraryan, Kolehiyo ng Republic Central, Lungsod ng Angeles, Pampanga; mga Libraryan sa Unibersidad ng

Philippine Normal, Lungsod ng Maynila; mga libraryan sa Pambansang Aklatan ng Pilipinas, T.M. Kalaw, Lungsod ng Maynila; mga libraryan sa Unibersidad ng Angeles Foundation, Lungsod ng Angeles, Pampanga; at mga libraryan ng Unibersidad ng Leyte Normal, Lungsod ng Tacloban, Leyte sa kani-kanilang kabaitan at pagpapaunlak sa mananaliksik na makahiram ng mga sangguniang aklat pampropesyunal na babasahin, magasin, tesis at disertasyon, para sa literatura at kaugnay na pag-aaral ng tesis na ito.

Gng. Jocelyn A. Macapañas, Tagatala at kalihim ng Gradwadong Pag-aaral, sa kanyang maingat at matiyagang pagtala ng mga puna at mungkahi sa panahon ng pasalitang pagsusulit; Gng. Nympha A. Cananua, Gng. Rowena I. Uy at Gng. Marife Y. Abalos sa kanilang walang kahulilip na tulong upang maihanda ang manuskrito ng mananaliksik;

Sa mga may-akda ng mga kwentong ginamit sa pananaliksik bagamat lingid sa kanilang kaalaman, sila ay naging daan at instrumento sa pagkabuo ng pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasang tahimik sa pag-aaral na ito;

Sa mga mahal sa buhay: G. Rodolfo M. Catacutan Sr. at Gng. Estrella Y. Catacutan, mga magulang ng

mananaliksik; Gng. Rosalinda C. Magee, Gng. Micaela C. Cirnigliaro, G. Ramon Y. Catacutan at G. Rodolfo Y. Catacutan, Jr. mga kapatid ng mananaliksik, kahit silang lahat ay nakatira na sa iba't-ibang panig ng mundo, ang bigkis ng pagkakaisa ng pamilyang ito ay hindi pa rin napuputol. Ang pamilyang ito ng mananaliksik ang nagsilbing moog na sandalan upang magkaroon muli ng lakas ng loob ang mananaliksik na tapusin ang tesis na ito;

Engr. Norberto T. Gerente, kabiyak ng mananaliksik, Raniel, Shemvy Chris at Gino, mga anak ng mananaliksik na nagsilbing inspirasyon upang ang pag-aaral na ito ay maayos;

Gng. Nenita T. Gerente, biyenan ng mananaliksik, G. at Gng. Nestor T. Gerente, G. at Gng. Narciso T. Gerente, G. at Gng. Rizaldy Mahinay, G. Nonito T. Gerente, Engr. at Gng Junnel Nabaunag, Engr. at Gng. Zosimo T. Gerente, G. Neil T. Gerente, G. at Gng. Cesar T. Gerente, G. Salvatorre C. Cirnigliaro at Engr. Greg Magee, mga bayaw at bilas ng mananaliksik; Raeviel Ivan, Szereny Yvette, Evan Jones, Jake Niño, Jay-Jay, Nizza Marie, Ma. Nimfa, Zoila, Zorrel, Nelvin, Silveria, Princess Dianne, Deborah Aiza, Glaiza, James Darryl,

Florence at Vince Matthew mga pamangkin ng mananaliksik, mga kamag-anak, mga kababata, mga kaibigan, kapwa-guro at kasamahan sa trabaho sa kanilang pagbibigay sigla sa mananaliksik upang ang mga pag-aaral na ito ay mabuo at malimbag;

Higit sa lahat, sa Dakilang Lumikha na makapangyarihan sa lahat na nagbigay ng isang makabuluhang buhay, talas ng pag-iisip, malusog na katawan at katatagan ng loob na harapin ang hagupit at mga sigwa ng buhay ng mananaliksik.

Sa inyong lahat, maraming, maraming salamat po. Patnubayan tayong lahat ng Dakilang Lumikha.

**R.C.G**

# Handog

Inihahandog ito sa lahat...

Sa Panginoong Diyos na tanging tanglaw

Sa lahat ng mga biyayang natanggap.

Sa mga mahal sa buhay,

Asawa, mga anak, mga magulang

mga kapatid, mga kamag-anak,

mga kaibigan, mga kababata,

mga mag-aaral, at sa mga kasamahan

sa trabaho

*Medy*

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong malaman kung may kaugnayan ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbsanag tahimik at ang kabuuang marking natamo ng mga mag-aaral sa ikatlong baiting na nagmula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar. Ang disenyong ginamit sap ag-aaral na ito ay ang Palarawang Pananliksik at Korelasyon. Sinisikap sa pag-aaral na ito, ang alamin ang tunay na kondisyon ng mga kalahok na mailarawan ang mga totoong kasagutan na pumapailalim sa bawat tiyak na katanungan at makuha ang iba pang resulta. Ang pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasang tahimik na binuo ng mananaliksik ay mabisa. Gumamit ang mananaliksik ng mga terminolohiya sa binuong pagsusulit na naakma sa kakayahang pangkaisipang lebel ng mga mag-aaral na nasa ikatlong baiting at batay na rin sa resulta ng isinagawang pag-aaral. Ang katayuan sa buhay o sosyo-ekonomikong istatus ng mga mag-aaral ay hindi dapat gawing basehan o batayan ng mga guro sa pag bibigay ng kabuuang marka. May mga mag-aaral sa ikatlong baiting ang hindi lubusang natamo ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik dahil sa kanilang mga negatibong saloobin sa pagbasa kung kaya't nahihirapan silang maingat ang kanilang kakayahan sa pagbasang tahimik. May mga pangangailangan na dapat bigyan ng atensyon ang kakulangan ng mga kagamitangyal ukol sa pagtuturo ng pag-unawa sa pagbasang tahimik. May mga pangangailangan na dapat pang madagdagan ang kaalaman sa pagtuturo ng pagbasa ng mga guro lalo na ang mga bagong guro na nasa unang taon ng kanilang pagtuturo.

## TALAAN NG NILALAMAN


**DAHONG PAMAGAT** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . i

**DAHONG PAGPAPATIBAY** . . . . . . . . . . . . . . . ii

**PAGKILALA** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . iii

**HANDOG** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . x

**ABSTRAK** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . xi

**TALAAN NG NILALAMAN** . . . . . . . . . . . . . . . xii

**KABANATA** **Pahina**

1 **ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO** . . . . . . . . 1

Panimula . . . . . . . . . . . . . . . . 1

Paglalahad ng Suliranin . . . . . . . . . 5

Ipotesis . . . . . . . . . . . . . . . . 7

Sanligang Teyoritikal . . . . . . . . . . 7

Batayang Konseptwal . . . . . . . . . . . 10

Kahalagahan ng Pag-aaral . . . . . . . . 12

Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral . . . 14

Katuturan ng mga Talakay . . . . . . . . 15

2 **MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL** . . . . . . . . . . . . . . . 18

Mga Kaugnay na Literatura . . . . . . . . 18

KABANATA Pahina

(krtg.)

Mga Kaugnay na Pag-aaral . . . . . . . . . 32

3 **METODOLOHIYA** . . . . . . . . . . . . . . . . . 60

Ang Disenyo ng Pananaliksik . . . . . . . 60

Ang Instrumentasyon . . . . . . . . . . . 61

Ang Balidasyon ng Instrumento . . . . . . 63

Ang Sampling/Pagpili ng mga Kalahok . . . 64

Ang Paglikom ng mga Datos . . . . . . . . . 65

Ang Paglalapat Estadistika ng Pag-aaral . 67

4 **PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS** . . . . . . . . . . . . . . . 69

Katangian ng mga Batang Kalahok ayon sa Gulang at Kasarian . . . . . . . 70

Katangian ng mga Batang Kalahok ayon sa Sosyo-Ekonomikong Istatus . . . 72

Katangian ng mga Batang Kalahok ayon sa Saloobin ukol sa Kabuuang Markang Natamo Nila . . . . . . . 75

Markang Natamo ng mga Batang Kalahok sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik. . . . 79

Kaugnayan ng Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik ng mga Batang Kalahok at kasangkot na mga Baryabol . . . . . . . . 82

**KABANATA** **P a h i n a**

**(krtg.)**

Kabuuang Markang Natamo ng mga Batang Kalahok sa Lahat ng Asignatura . . . . . . . . . . . . . . . . 86

Kaugnayan ng Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik ng mga Batang Kalahok at ang Kabuuang Markang natamo sa Lahat ng Asignatura . . . . . . . . . 89

**5 PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON** . . . . 95

Lagom ng Kinalabasan . . . . . . . . . . : . . . . 95

Konklusyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . 102

Rekomendasyon . . . . . . . . . . . . . . . . . 103

**TALASANGGUNIAN** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 106

**APENDIKS** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 113

A. Liham ng Kahilingan na Pagtibayan ang Suliranin . . . . . . . . . . 114

B. Liham ng Kahilingan para sa Pagkakaroon ng Tagapayo. . . . . . . . . . . . . . . . . . 115

C. Liham para sa Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan . . . . . . . . . . . . . . . 116

D. Liham para sa Pampurok na Tagamasid . . . . . . 117

E. Liham ng Kahilingan para sa Unang Pasalitang Pagsusulit . . . . . . . . . . . 118

F. Liham ng Kahilingan para sa Panghuling Pasalitang Pagsusulit . . . . . . 119

**KABANATA** **P a h i n a**

**(krtg.)**

G. Talahanayan ng Ispesipikasyon sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik . . . . . . . 120

H. Isang Pagsusulit sa Pagbasang Tahimik para sa Ikatlong Baitang . . . . . . . . . . 121

I. Sagutang Papel . . . . . . . . . . . . . . . 129

J. Susi sa Pagwawasto . . . . . . . . . . . . . 131

K. Liham para sa mga Batang Kalahok . . . . . . . 133

L. Isang Talatanungan para sa mga Mag-aaral sa Ikatlong Baitang . . . . . . . . . . . . 134

M. Ang Tinuos na Fisher's t-value at ang kasangkot na mga Baryabol . . . . . . . . 137

N. Ang Tinuos na Fisher's t-value na may Kaugnayan sa Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik at ang Kabuuang Markang Natamo sa Lahat ng Asignatura . . . . . . . 140

O. Kompyuter Output sa Pagtuos ng Coefficient Correlation . . . . . . . . . . . . . . . . 144

**KURIKULUM BITA** . . . . . . . . . . . . . . . . . 154

**TALAAN NG MGA TALAHANAYAN** . . . . . . . . . . . . . 162

**TALAAN NG PIGURA** . . . . . . . . . . . . . . . . . 163

## Kabanata 1

## ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO

### Panimula

Ang natatatanging puhunan ng isang tao sa pakikipagsapalaran sa buhay ay ang kanyang katalinuhan. Ang katalinuhang ito ang gabay sa kanya tungo sa kabutihan at kaunlaran (Belvez, 1985). Upang mahasa ang talino at kakayahan ng isang bata, kailangan niya ang masusing gabay ng isang butihing guro, pagmamahal ng kanyang mga magulang at kapamilya sa bahay.

Sa tulong ng mga mapagpalang kamay ng isang guro ang mga bata ay natututong magbasa, magsulat, makipag-usap at makisalamuha ng tama sa kanilang kapwa. Nagagawa nilang kumilos nang wasto batay sa kanilang natututunan at sa hinihinging pagkakataon. Kung masusing nalinang ng isang guro ang mga natatanging kakayahan ng mga batang tinuturuan sa loob ng isang taong panuruan, ang misyon ng guro sa pagtuturo ay masasabi natin na naging matagumpay.

Isa sa pinakamahalagang kasanayang pangwika, na dapat malinang sa mga mag-aaral, lalong-lalo na sa unang baitang ay ang kakayahan sa pagbasa. Malaking bagay ang pagkatuto sa pagbasa ng mga mag-aaral dahil dito

nakasalalay ang magiging tagumpay nila sa kanilang pag-aaral sa hinaharap.

Ang kahalagahan ng pagbasa bilang isa sa mga kasanayang pangwika ay hindi maitatatwa. Dahil dito, binigyang puwang ang PRODED sa ating kurikulum sa elementarya ang pagtuturo ng pagbasa kagaya ng Upgrading Reading Skills (URS) at iba pang programa sa pagbasa. Sa tulong ng pagbasa, natututunan ng mga mag-aaral ang iba't ibang magagandang pananaw sa buhay; na nagpapatatag sa kanilang pagkatao, tungo sa pagiging isang mamamayang Pilipino na makabayan, masigla, matalino at matapat. Ang mga katangiang nabanggit ay dapat taglayin ng mga bata habang sila ay lumalaki.

Isa sa mahalagang salik ng pagbasa ay ang pagbasang tahimik. Ang salik na ito ay dapat na matutunan ng mga bata sa dahilang gamitin ito sa kanilang pag-aaral ng iba't ibang asignatura. Kagaya sa pag-aaral ng asignaturang Agham at Teknolohiya, Heograpiya, Kasaysayan at Sibika, Matematika at iba pa. Ang salik na ito ay pangunahing sangkap tungo sa pagkatuto rin ng iba pang kakayahan sa pagbasa. Ang kakayahan sa pagbasang tahimik ay nalilinang din sa pamamagitan ng masusing pagsasanay

sa pagbasa at pagkawili sa iba't ibang babasahin na naaangkop sa gulang ng mga mag-aaral o mambabasa.

Ang mga mag-aaral ay pinagpangkat-pangkat sa tatlong kategorya: Una, mga mag-aaral na nakakabasa na nang sarilinan. Ikalawa, mga mag-aaral na nangangailangan pa ng tulong. Ikatlo, mga mag-aaral na nakakabasa ngunit hindi nakauunawa ng kanyang binabasa.

Karaniwan na may mga mag-aaral na hindi kaagad natututo sa pagbasa at lalung-lalo na sa pagbasang tahimik kaysa sa kanilang mga kaklase. Kung kaya't ang ilang mga bata ay nagkakaroon ng maling saloobin sa pagbasa at may pangamba sa kanilang kahinaan sa pagbasa. Sila ay nangangamba na kapag tinawag ng guro at hindi nakabasa ng tama ay pagtatawanan ng kaklase o pagagalitan ng kulang sa pasensyang guro. Sa kabilang dako, ang mga nabanggit ay maaaring palitan ng positibong saloobin sa pagbasa sa pamamagitan ng walang sawa at masusing gabay sa pagtuturo ng isang maunawaing guro, pansuportang moral o pag-unawa ng kanilang mga magulang at kapamilya. Kung walang tutulong sa kanilang kahinaan hindi sila magkakaroon ng kapangyarihan na harapin ang kanilang pangamba na nararanasan.

Hindi lahat ng mga mag-aaral ay magaling sa pagbasa lalo na sa pagbasang tahimik. Ang kasalukuyang pananaliksik ay naniniwalang may mga kadahilanan o salik na nakaapekto sa kanilang kakayahan sa pagbasang tahimik. Kaya ang kasanayang ito ay binigyang diin sa pananaliksik na hindi lahat ng mga bata na nag-aaral sa ikatlong baitang ay natamo na ang mga akmang kasanayan sa pagbasang tahimik.

Sa mga unang linggo ng klase ay isa-isang pinababasa ang mga mag-aaral upang makatiyak at matasa ng guro ang kakayahan ng kanyang mga tinuturuan. Binibigyan ang mga bata ng dalawang instrumento ng pagtatasa. Una, ay ang dayagnastikong pagsusulit sa lahat ng asignatura na ang kasanayang nalilinang ay ang pagbasang tahimik. Ikalawa, ay ang pagsasanay sa pagbasang pabigkas. Malimit na natutuklasan ng guro sa pagsasanay na pabigkas na marami na sa mga mag-aaral ang pahintu-hinto kung bumabasa, inuulit-ulit ang pagbigkas sa ilang mga salita, hindi binibigkas o binabasa ang mahihirap na mga salita at mali-maling bigkas ng mga salita. Sa pagbasang tahimik naman, natutuklasan ng guro na may mga mag-aaral na ginagalaw ang kanilang mga bibig habang bumabasa. Bukod pa rito, napansin na kapag ang bata ay hindi marunong

bumasa siya ay walang gana sa pag-aaral, walang katatagan sa sarili, kimi, palaging lumiliban sa klase hanggang huminto sa pagpasok sa paaralan. Kapag hindi kaagad naihanap ng lunas ang suliraning ito; patuloy tayong mapag-iiwanan ng ibang bansa lalo na sa teritoryo ng Asya sa kalakaran ng makabagong kaalaman sa pag-aaral ng iba't ibang asignatura. Magpapatuloy ang pag-aaksaya ng salapi at oras ng pamahalaan, mga guro, mga magulang at mga mag-aaral. At hindi matutupad ang hangarin ng Konstitusyon ng Pilipinas na mapaunlad at maiangat ang antas ng edukasyon dito sa ating bansa.

Sa hangad ng mananaliksik na makatulong sa paglutas ng suliraning ito; kusang nagpasya ang mananaliksik na tuklasin ang mga bagay-bagay na bumabalakid sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang at maihambing sa kabuuang markang natamo nila sa Taong Panuruan 1997-1998.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pananaliksik na ito ay naglayong malaman ang kaugnay ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik at ang kabuuang markang natamo ng mga batang kalahok sa ikatlong baitang ng apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar.

Sa katiyakan, sinikap ng pag-aaral na ito na matugunan ang sumusunod na mga katanungan:

1. Anu-ano ang katangian ng mga batang kalahok ayon sa;

    1.1 gulang;

    1.2 kasarian;

    1.3 sosyo-ekonomikong istatus; at

    1.4 saloobin sa kabuuang markang natamo sa ikatlong baitang?

2. Anu-ano ang tamtamang iskor o marka sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok?

3. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok at ang mga sumusunod na baryabol:

    a. gulang;

    b. kasarian;

    c. sosyo-ekonomikong istatus; at

    d. saloobin ng mga batang kalahok?

4. Anu-ano ang kabuuang markang natamo sa lahat ng asignatura ng mga batang kalahok sa ikatlong baitang?

5. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik at ang kabuuang markang

natamo sa lahat ng asignatura ng mga batang kalahok sa ikatlong baitang?

6. Anu-ano ang mga implikasyon ng pag-aaral na ito upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkatuto at pagtuturo ng mga guro?

## Ipotesis

Ang mga sumusunod na ipotesis ay tinuos sa pananaliksik na ito:

1. Walang makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok at ang mga sumusunod na baryabol:

   1.1 gulang;

   1.2 kasarian;

   1.3 sosyo-ekonomikong istatus; at

   1.4 saloobin ng mga batang kalahok.

2. Walang makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik at ang kabuuang markang natamo ng mga batang kalahok sa ikatlong baitang.

## Sanligang Teyoritikal

Ang pananaliksik na ito ay, batay sa teyorya ni Belvez (1982), tungkol sa kahalagahan ng pagbasa na nakasaad ng ganito:

> *"Kung ano ang naiisip ko, nasasabi ko, kung ano ang nasasabi ko, naisusulat ko, kung ano ang naisusulat ko, nababasa ko. Mababasa ko kung ano ang naisusulat ko at kung ano ang naisusulat ng ibang tao para basahin ko".*

Ang pagbasa ay isang instrumento sa pagkatuto ng mga bagay-bagay ukol sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay. Pangunahin itong kasangkapan sa pagtuklas ng kaalaman sa iba't ibang larangan ng pag-aaral. Isang nakalulunos na pangyayari para sa isang tao ang mawalan ng tsansa sa pagkakaroon ng kasanayan sa pagbasa. Mahirap para sa isang tao ang hindi marunong bumasa dahilan sa ito ang siyang susi sa lahat ng bagay. Sa tulong ng pagbasa, nauunawaan niya ang tunay na takbo ng buhay at nababatid niya ang mga kaisipang hindi niya nakikita o naririnig man lamang. Paano kaya masasabi nang malinaw ng isang nilalang ang kanyang gustong sabihin, isulat, ang kanyang gustong isulat at basahin ang nakalimbag na mga salita sa isang pahina kung hindi siya marunong bumasa?

Ang pagbasa ay kabahagi ng pagsulat tulad ng komunikasyong ginawa ni Dr. Jose M. Rizal sa kanyang kapatid na si Trinidad mula sa Alemanya na may petsang Marso 11, 1886, na naglalaman ng pagpapahalaga sa edukasyon at pagbasa. Ito ay muling inilathala ng sikat

na pahayagang "Philippine Daily Inquirer" noong Pebrero 27, 1997. Narito ang nilalaman ng liham:

> *Wala akong nakitang babae dito sa Europa na mas nakahihigit pa sa ating mga dalaga kung pag-uusapan ang kasipagan at kabutihang loob. Kung ang ating kababaihan ay bibigyan rin ng pagkakataon na makapag-aral tulad ng pag-aaral at edukasyon na natatamasa ng mga kababaihan sa Europa, hindi na siguro kaiinggitan ng mga pamilyang Pilipino ang mga taga-Europa. Kung kaya't habang ikaw ay bata pa at may malaking pagkakataon na matuto; mahalaga para sa iyo na mag-aral sa pamamagitan ng masusing pagbabasa. Iwasan ang katamaran, mahalaga lamang na makasanayan mo ang pagbabasa at ikaw ay matututo sa lahat ng bagay.*

Ipinahahahayag sa liham na ito ni Rizal ang labis na pagpapahalaga sa karunungan at pagbasa. At kung ano ang halaga ng pagbasa sa tunay na buhay. Karamihan sa napag-aralan ng tao ay mula sa kanyang karanasan sa pagbasa. At hindi maitatatwa na karamihan sa mga taong nagtagumpay sa kani-kanilang buhay ay nagpakita ng tiyaga, malasakit at interes sa halaga ng pagbasa sa kanilang buhay.

Isa pang tao ang nagpakita ng kahalagahan ng pagbasa ay si Juanino (1984) na nagsabing:

> *Mahalaga para sa isang mag-aaral na maging isang magaling na mambabasa kung gusto niyang magtagumpay sa kanyang buhay at pag-aaral. Ang karaniwang nagyayari, kung sino ang mga batang matatalino ay sila rin ang mga batang magaling magbasa.*


Ang kaalaman sa iba't ibang bagay ay nababatay sa

kung ano ang ginagawang pagbabasa ng isang mag-aaral. Hindi maikakaila ng sinumang tao na ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa lalo na sa pagbasang tahimik ay isang mahalagang kasanayan din na dapat matamo ng isang mag-aaral habang nasa mababang baitang pa lamang. Subalit sa aktwal na nangyayari sa kasalukuyan, anuman ang gawing pagsisikap ng isang guro na magkaroon ng kasanayan sa pagbasang tahimik ang kanyang mga tinuturuan ay mayroon pa ring mga batang hindi natututo o nagkakaroon ng inaasahang kasanayan sa pagbasa. Samakatwid, ang kahinaan sa pagbasa ay malaking sagabal sa pagkatuto ng mga bagay na nais makamtan ng isang mag-aaral.

Ito ang naging batayan kung bakit ang mananaliksik ay naganyak na gumawa ng isang pag-aaral tungkol sa pagtasa sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik at iugnay sa kabuuang markang natamo ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar.

**Batayang Konseptwal**

Ang Pigura 1 sa kasunod na pahina ay nagpapakita ng batayang konseptwal ng pag-aaral. Ang kaligiran ng pananaliksik ay binubuo ng apat na Purok ng Catbalogan. Ito ay ang Purok ng Catbalogan I, Purok ng Catbalogan II,




Pigura 1. Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral.

Purok ng Catbalogan III at Purok ng Catbalogan IV. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral sa ikatlong baitang sa naturang mga Purok.

Sa itaas ay may dalawang bilog: sa gawing kaliwa ay nagpapakita ng di-malayang baryabol na tumutukoy sa kakayahan sa pagbasang tahimik at sa gawing kanan ay tumutukoy sa malayang baryabol na binubuo ng mga sumusunod: gulang, kasarian, sosyo-ekonomikong istatus, mga saloobin at kabuuang marka ng mga kalahok. Dadaan sa proseso ng pananaliksik ang malayang baryabol at di-malayang baryabol. Dahil sa ito ay isang proseso, mapapansin na may mga palaso sa isang direksyon na nagpapakilos tungo sa paglabas ng implikasyon ng pag-aaral para sa pangkalinangan ng mga mag-aaral at lubusang matamo ang kahusayan sa paggamit ng Wikang Pilipino na matatagpuan sa panghuling parihaba.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Malaki ang kabuluhang naidulot ng pag-aaral na ito para sa mga kinauukulan. Sa pagbanggit: sa mga mag-aaral, mga guro, mga magulang, mga administrador ng paaralan at sa mga mananaliksik sa hinaharap at tagaplano ng kurikulum.

***Sa mga mag-aaral***. Ang mga mag-aaral ay ang sentro ng proseso sa pagtuturo't pagkatutong sitwasyon. Nararapat lamang na sila ay pag-ukulan ng pansin dahil sa ang epekto ng edukasyon ay nakatuon sa kanila. Dapat bigyan ang mga mag-aaral ng mga babasahing tumutugon sa kanilang kakayahan. Sa pamamagitan ng makabuluhang pagbabasa, natututo ang mga mag-aaral, namumulat at nagkakaroon ng kamalayan ukol sa tunay na nangyayari sa lipunang kanilang ginagalawan.

***Sa mga Guro***. Nararapat lamang na maging konsyus ang mga guro sa kanilang pagtuturo lalo na sa pagbasa. Dapat nilang isipin kung naaakma ang paksang kanilang itinuturo sa mga batang kanilang tinuturuan. Sila ang pangunahing salik para matuto ang mga bata sa pagbasa. Sa tulong ng pag-aaral na ito, magkakaroon ng pagkakataon ang mga guro na malaman kung anu-ano ang mga bagay-bagay na nakaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa.

***Sa mga Magulang***. Dapat makibahagi ang mga magulang sa pag-aaral ng mga bata. Hindi lang sa aspektong pinansyal ang kanilang dapat bigyan ng tuon kundi sa paghubog ng pag-uugali ng kanilang mga anak. Tungkulin

din ng mga magulang na subaybayan ang pag-aaral ng leksyon ng mga bata pagkatapos ng klase. Upang lalong mahasa ang kakayahan nila sa pagbasa at iba pang kasanayang pampaaralan.

***Sa mga Administrador ng mga Paaralan***. Malaki ang kanilang pananagutan tungkol sa pagpapaplano ng mga gawain sa paaralan para sa kapakanan ng mga mag-aaral at mga guro. Sa pag-aaral na ito, makakakuha ng mga kabatiran na magsisilbing instrumento upang makabuo ng isang programa sa pagbasa na naakma sa kakayahan ng mga mag-aaral.

***Sa mga Mananaliksik at Tagapagplano ng Kurikulum sa Hinaharap***. Magkakaroon sila ng mga karagdagang kaalaman ayon sa kinalabasan ng pag-aaral. Makabubuo sila ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo at magsagawa ng pananaliksik sa pagbasa batay sa kinalabasan o tagubilin ng pag-aaral na ito.

**Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw lamang sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik at kabuuang markang natamo ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang mula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar.

Sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar; pinili ang mga Paaralang Sentral na kumakatawan sa bawat Purok ng Catbalogan.

Isang daan at apatnapu (140) ang mga napiling kalahok. Tigtatatlumpu't lima (35) ang napili sa bawat purok ng naturang lugar. Sa kabuuan ang bilang ng mga kalahok ay animnapu't isa (61) ang mga lalaki at pitumpu't siyam (79) ang mga babae na napili sa pag-aaral na ito. Isinagawa ang pag-aaral sa Taong Panuruan 1997-1998.

**Katuturan ng mga Talakay**

Upang lubos na maunawaan ang pag-aaral na ito, binigyang kahulugan ang mga sumusunod na mga salita:

***Baryabol***. Ito ay isang bagay, salik, pangyayari o kaparaanang may dalawa, tatlo, o higit pang katangian na nagsisilbing batayan sa pag-uuri-uri o pagpapangkat-pangkat ng mga kalahok (Bartolome, 1983). Sa kasalukuyang pag-aaral ang baryabol ay tumutukoy sa katangian ng mga kalahok na inuuri upang lalong maunawaan at madaling makabuo ng mga pangkat o grupo batay sa gulang, kasarian, sosyo-ekonomikong istatus at saloobin nila.

***Gulang***. Ito ay ang antas ng mental o pangkaisipan, damdamin at edad ng isang tao (Flexner, 1993). Ang gulang

sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa edad ng mga batang kalahok na nasa ikatlong baitang.

***Kasarian***. Ito ay nangangahulugang kalagayan ng tagasagot o kalahok na maaaring babae o lalaki (Flexner, 1993). Ang kasarian sa pag-aaral na ito ay isa sa mga malayang baryabol na tumutukoy sa sekso.

***Mag-aaral***. Pumapasok sa paaralan na nagpapa-kadalubhasa tungkol sa pag-aaral ng mga bagay-bagay o partikular na bagay (Cayne, 1983). Ayon sa pag-aaral na ito, sila ang mga batang kalahok na nag-aaral sa ikatlong baitang nasa antas elementarya.

***Kabuuang Marka***. Markang nakuha ng mga mag-aaral sa kanilang mga asignatura (Sagalongos, 1986). Ang kabuuang marka ay tumutukoy din sa pangkalahatang markang natamo ng mga mag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral. Matatagpuan ang kani-kanyang kabuuang marka ng mga mag-aaral batay sa ipinakitang dokumento tulad ng kard o BPS Form 138.

***Pagbasa***. Ito ay ang interpretasyon o pag-unawa sa mga nakalimbag na simbolo ng kaisipan, maaaring ito ay nasa paraang pasalita o tahimik (Gil, 1994). Ito ay isa sa apat na batayang kasanayan sa pagtuturo at pagkatuto ng wika.

***Pagbasang Tahimik.*** Pagbabasa na hindi ginagamitan ng bokalisasyon o pagsasalia at pandinig. (Cayne, 1992). Sa pag-aaral na ito, tinutukoy ang Pagbasang Tahimik bilang isang paraan ng pagbasa na walang ingay o walang tinig at mata lamang ang ginagamit sa pagbabasa, nakatikom ang bibig habang nakaupo na tangan ang pagsusulit na pinasasagot.

***Pag-unawa.*** Ang proseso ng pagkatuto ng mga kaisipang ipinahahayag ng mga salitang nakalimbag (Cayne, 1992). Sa pag-aaral na ito, tinutukoy ang pag-unawa bilang isang kakayahang maunawaan ang mga diwa na ipinapahayag ng bawat kwento o katha na may pagpapakahulugan.

***Proseso sa Pagtuturo't Pagkatuto.*** Ito ay ang direktong ugnayan ng guro at mga mag-aaral tungo sa pagkatuto ng huli (Cayne, 1992). Sa paraang ito, ang guro ay gumagamit ng mga makabagong pamamaraan o estratehiya sa pagtuturo upang ang pagkatuto ay matamo ng mga mag-aaral.

***Sosyo-ekonomikong Istatus.*** Ito ay ang antas na nagpapahiwatig ng sosyal at ekonomikong katayuan sa buhay ng isang tao o grupo (Cayne, 1992). Tinutukoy sa pag-aaral na ito ang sosyo-ekonomikong istatus na kumakatawan sa buwanang kita ng pamilya ng mga batang kalahok na nasa ikatlong baitang.

## Kabanata 2

## MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga sinuring literatura na isinagawa dito sa Pilipinas at sa ibang bansa. Kasama na rin dito ang mga pag-aaral sa iba't ibang paaralan, kolehiyo at pamantasan dito sa Pilipinas. Ang mga ito ay nagsilbing tulay at batayan upang mabuo nang matagumpay ang pananaliksik na ito.

### Mga Kaugnay na Literatura

Tayo ngayon ay nahaharap sa panahon ng impormasyon o digital. Maraming nagsulputang mga kasangkapan na ipinakilala sa madla na bunga ng makabagong teknolohiya sa Pilipinas at sa ibang bansa. Ang ilang halimbawa na bunga ng makabagong teknolohiya ay ang iba't ibang modelo ng kompyuter, telebisyon, telepono at iba pa na binuo ng mga malilikhaing kaisipan ng mga kilalang imbentor. Layunin ng mga naimbentong kasangkapan ang mapabuti at mapagaan ang kalagayan ng buhay at ekonomiya ng bawat bansa at sa buong mundo. Ang mga kasangkapang ito ay naging kaagapay sa pagpapataas ng antas at kalidad ng

edukasyon sa buong mundo. Samakatwid, ang lahat ng mga pagbabago na dulot ng makabagong teknolohiya ay mawawalang saysay kung ang kahalagahan ng pagbasa sa tao ay hindi na masyadong bibigyang pansin. Manapay dapat pa ring ituloy ng mga kinauukulan ang pagpapabuti sa kasanayang ito.

Ang pagbasa ay isang kasanayang pangwika na nagsisilbing pundasyon upang mapalaganap at mapaunlad ang isang wika. Sa pagbasa, ang mga mag-aaral ay ang sentro ng edukatibong proseso at pagkatutong sitwasyon. Ang pamahalaan, mga edukador at mga tao na may kaugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ay nakatuon sa mga mag-aaral lalo na sa kasanayang nabanggit sa dahilang nais ng lahat na maging isang bansang maunlad ang Pilipinas.

May ilang mga awtor, mananaliksik at mga sikolohista ang nagpahayag ng kani-kanilang mga pananaw ukol sa kahalagahan at katuturan ng pagbasa.

Ayon kay Gwinn (1991) halos kalahati ng populasyon ng mga tao dito sa mundo ay hindi marunong magbasa. Sinabi ni Gwinn na ang sinumang tao na nakabukas at nakabasa sa aklat na isinulat niya ay iilan lamang sila, na mga taong mapapalad na nakapasok sa daigdig ng mga

aklat. Siya ay naniniwala na ang pagbasa ay isang mahalagang kasanayang naimbento ng sangkatauhan dito sa lupa.

Sinang-ayunan ni Trelease (1995) ang pahayag ni Gwinn paunti na nang paunti ang mga taong magaling bumasa. Ipinaliwanag niya na sa bansang Estados Unidos natuklasan na sa bawat limang Amerikano na nasa gulang 17 ay isang Amerikano ang hindi lubusang natamo ang kasanayan sa pagbasa. May labintatlong bahagdan ng mga Amerikano na nasa gulang 17 ay hindi marunong bumasa.

Ang estadistikang ito ay isang trahedya. Nakalulungkot mang sabihin kapag nagsimula ng maghanap ng trabaho ang 13 bahagdan na Amerikano na hindi nakakabasa ay mahihirapan na matanggap kaagad sa trabaho kumpara sa kanilang mga kaedad na may angking galing at bihasa sa pagbasa. Batid natin na ang kahihinatnan ng mga batang nabanggit lalo na kung hindi mabigyan nang maayos na trabaho sa hinaharap ay magiging tiyak na mga delingkwente ang mga ito sa lipunan na kanilang ginagalawan sa darating na panahon kung hindi pahahalagahan ng kanilang bansa.

Batay sa sarbey na isinagawa ni Strang (1987), napatunayang ang mga batang mahihinang bumasa o hindi

nakakabasa sa klase ang karaniwang nagiging delingkwenteng mga tao. Mahihirapan silang makahanap kaagad ng trabaho paglaki nila sa lipunang kanilang ginagalawan. Idinagdag niyang bigyang pansin ang halaga ng pagbasa sa mga batang nag-aaral. Dahil hindi makakayang harapin ng mga bata ang hamon ng buhay kung wala silang kahandaan.

Ayon kay Tacio (1994), sa tulong ng pagbabasa hinahawi nito ang mga sapot ng gagamba o malabong ideya papalayo sa utak ng tao. Nagiging malinaw para sa tao ang kahalagahan ng bawat bagay kung siya ay nagbabasa. Idinagdag ni Tacio na kapag ang tao ay nagbabasa ang mga kalamnan ng ating mga utak ay nababanat at nag-iigting. Binubugbog nito ang mga marurupok, makikitid at hindi mabatang opinyon na kaakibat ang mga bagong ideya at matibay na katotohanang dapat ibunyag. Pinupukaw ang kaisipan ng tao upang mahasa sa halip na pumurol. Bilang isang mabuting mambabasa ang kasanayan sa pagbasa na nalinang ay naikukumpara sa isang sasakyan kapag nadagdagan ng langis ang priksyon ay napapahaba ang layo ng biyahe; tulad din sa isang makabuluhang usapan ay lalong lumalawak o humahaba.

Ayon kay Robles (1985) ang pagbasa ay hindi maipagkakailang isang kilos na may halong persepsyon ng isang dinamiko na organisadong proseso na kung saan ang isang tao ay gumagawa ng isang makabuluhang relasyon sa kanyang kapaligiran. Ang pagbasa ay higit pa sa persepsyon ng mga grapikong simbolo o pag-uugnay ng mga grapikong simbolo sa kabuuan ng personalidad ng isang mambabasa. Ang mga salita ay pinaliligiran ng kabuuang sosyolohikal at sikolohikal na konsepto.

Ang bawat mambabasa ay may iba't ibang reaksyon batay sa kaisipang nalimbag sa aklat na binasa. Ito ay isang salik kagaya ng kultural, biyolohikal at sosyal na kapaligiran. Sari-sari ang opinyon, sariling pagpapakahulugan at interpretasyon ng bawat mambabasa sa isang akda batay sa yaman ng kanyang karanasan sa pagbasa. Pinatunayan ito nina España, et.al. (1988) sa kanilang aklat tungkol sa "Teaching Strategies I for the Teaching of Communication Arts; Listening, Speaking, Reading and Writing". Na nalathala sa isang bahagi ng kanilang aklat ang kahalagahan ng isang mabisang pagbabasa. Ayon sa mga awtor ang isang mabisang pagbabasa ay kaakibat ng isang aktibong diyalogo sa pagitan ng mambabasa at ng awtor. Ang isang magaling

bumasa ay laging handa na kaharapin, pahalagahan ang mga hamon ng awtor at punahin o suriin ang isang materyal na babasahin o aklat.

Ayon kay Tobin (1988) ang pagbasa ay isang gawi o hilig. Kapag nalinang ang kasanayang ito sa isang indibidwal mahirap ng makuha ito sa kanya. Ang isang tao na maagang nalantad ng tama sa kasanayang ito ay hindi mahihirapan na harapin ang ilan pang pagsubok sa pagbasa na may mataas na antas. Magiging parang isang bahagi ng kanyang pang-araw-araw na gawain katulad ng paghihilamos ng mukha o paliligo tuwing umaga at paghinga na mahirap nang maalis sa kanya.

Ayon kay Fernandez (1997), ang pagbabasa ng walang layunin ay inihahalintulad sa isang tao na nagbibiyahe ng walang siguradong destinasyon o walang tiyak na lugar na patutunguhan. Idinagdag pa rin niya na dapat nakapokus ang isipan sa binabasa kung nagbabasa upang hindi masayang ang ginintuang oras na nakalaan para sa pagbabasa.

Dapat ang tao ay matutong magbasa at mag-isip ng kritikal at analitikal, bago isubo ang anumang kaisipang nais ibahagi ng isang awtor. Kailangang timbangin ng

mambabasa ang mga kaisipang nalimbag sa aklat bago maniwala.

Ayon kay Belvez (1985) may mahalagang ginagampanan ang pagbasa sa paghasa ng talino at isipan ng tao. Ang pagbasa ang siyang nagbubukas ng daan sa lahat ng karunungan at disiplina tulad ng Agham at Teknolohiya, Heograpiya, Kasaysayan at Sibika, Matematika, Pilosopiya, Kalusugan at iba pa. Ang karanasang dulot ng pagbabasa ay nagbibigay nang lubos na kasiyahan at kaluwalhatian sa buhay na hindi maipagpapalit ng anumang materyal na bagay. Sa pagbabasa nagiging ganap ang pagkatao ng isang nilalang sapagkat sapat ang kanyang kaalaman, kaligayahan at kasiglahan sa pakikisalimuha tungo sa kapaki-pakinabang na gawaing nagpapaunlad sa kanyang kapwa at sa lipunang kanyang kinabibilangan.

Ayon kay Johnson (1995), ang pagbabasa ay nagbubukas ng daan upang marating ang iba't ibang magagandang lugar na gusto mong makita sa buong mundo. Sa tulong nang masusing pagbabasa mapupuntahan ng isang mambabasa ang gustong pook na pupuntahan; matututunan ang anumang bagay na gustong malaman at higit sa lahat makikilala ang mga kilalang tao ng walang gastos. Kapag naitatak sa mga bata o mag-aaral ang pagkagiliw sa pagbasa o ang positibong

saloobin ukol sa pagbasa ay para na ring binigyan ng pakpak na magsisilbing gabay upang makamit ang kanilang mga pangarap sa buhay.

Ayon kay Sullivan (1988), kapag ang isang bata ay nagsimulang pumasok sa paaralan ang pangunahing layunin nito sa kanyang pag-aaral ay ang matutong bumasa. Kapag siya ay natutong bumasa ang layunin ay nag-iiba. Ang pagbabasa ay nagiging isang tulay upang makamit ang iba pang layunin. Sapagkat ang bawat tao ay may kani-kanyang interes at panlasa. Walang iisang layunin na pwedeng ibagay o ihatol para sa lahat. Nagbabasa ang ibang tao upang maglibang, ang iba ay nagbabasa upang makaagapay sa mga kasalukuyang pangyayari, mga balita sa loob at labas ng bansa sa tulong ng mga peryodiko ang mga propesyunal na tao ay nagbabasa, karaniwan ng mga paksa na may kinalaman sa linya ng kanilang trabaho; kaya't ang layunin ng pagbasa ay kaakibat din ng layunin sa mabuting pag-aaral. Sa dahilang inihahanda ng kasanayang ito ang bawat indibidwal sa sosyedad na kanilang ginagalawan upang mamuhay ng tama at magampanan ang kani-kanilang responsibilidad sa pamilya at trabaho.

Ayon kina Carrell at Eisterhold (1983) ang isang magaling na mambabasa ay gumagamit ng dalawang uri ng

paraan sa pagpoproseso ng kaalaman mula sa teksto o aklat.

Una, ay ang paraang bottom-up o pag-unawa sa teksto batay sa mga nakikita rito tulad ng mga salita, pangungusap, larawan o iba pang simbolo.

Ikalawa ay ang paraang top down o pag-unawa batay sa kabuuang kahulugan ng teksto. Tinatawag din itong inside-out sa dahilang ang impormasyon ay nagmula sa mambabasa patungo sa teksto. Ito ay nangyayari kung ang mambabasa ay gumagamit ng kanyang dating kaalaman, mga konsepto at iskemang nabuo sa kanyang isipan batay sa kanyang karanasan at pananaw sa paligid. Nakabubuo siya ng mga palagay at hinuha; na iniuugnay niya sa mga ideya na inilahad ng awtor sa teksto.

Sa paggamit ng dalawang paraan, nagaganap ang interaksyon sa pagitan ng mambabasa at teksto. Nagkakaroon ng epektibong pag-unawa sa teksto kapag ginagamit ng isang mambabasa ang kaalaman niya sa istruktura ng wika at sa talasalitaan kasabay ang paggamit ng dating kaalaman at mga pananaw. Ang mga gawain sa pagbasa na naaayon sa interaktibong pananaw ay nagbibigay ng pangunahing diin sa paggamit ng dating

kaalaman at konsepto ng mga mag-aaral sa kanilang paligid.

Ayon kay Paterno (1985) ang isang bata ay masasabing walang kakayahan sa pagbasa kung ang kanyang lebel sa pagbasa at ang kanyang intelektwal na potensyal ay may pagkakaiba. Siya ay naniniwala na may apat na paktor o salik na kadahilanan kung bakit ang isang bata ay mahinang bumasa o hindi nakakabasa:

**Pisikal at Pisolohikal na Paktor**. Katulad ng depekto sa pandinig, paningin, pagsasalita, kakulangan sa bahaging nutrisyon at depekto sa neurolohikal na aspekto. Ang mga nabanggit ay nakakaapekto sa pagkuha ng kaalaman ng mga bata ukol sa mga kasanayan sa pagbasa.

**Neurolohikal na Debelopment Paktor**. Ang mga bata na may parehong edad ay maaring hindi pareho ang pag-unlad sa pagbasa, kung kaya't hindi nila parehong makukuha o matutunan ang parehong instruksyon na ibinibigay ng isang guro.

**Edukasyunal na Paktor**. Ang mga bata ay may iba't ibang pangkaalaman na disenyo o huwaran sa pagkatuto. Ang pag-aaral ng pagbasa ay nakasandal sa ilang kasanayang pangwika tulad ng pakikinig, pagsasalita at pagsulat. Kung ang isang kasanayan ay hindi lubusang natutunan ng

isang bata, siya ay maaaring mahirapan sa pag-aaral ng pagbasa.

**Pangkapaligirang Paktor**. Ang ilang mga bata ay hindi masyadong nalantad sa ilang karanasan, o batang galing sa isang kapaligiran na kung saan ang paggamit ng maraming lenggwahe ay ipinagbabawal at walang mga materyal na babasahin para sa pagbabasa.

Bilang guro dapat kilalaning mabuti ang mga batang tinuturuan. Sa tulong ng apat na salik o paktor na binanggit ni Paterno; malalaman na ang bawat bata ay may iba't ibang intelektwal na potensyal na dapat linangin upang makaakibat sa mabilis na takbo ng panahon at sa mga gawaing pampaaralan na may kinalaman lalo na sa pag-aaral ng kasanayan sa pagbasa.

Si San Buenaventura (1986) ay nagpakita ng pagpapahalaga sa kahalagahan ng pagbasang tahimik sa pag-aaral ng isang bata. Binanggit niya na mahalagang gawain ng pagbasa ang pagbasang tahimik. Tinatawag itong pagbasang tahimik sapagkat ang pagbabasa ay isinasagawa nang tahimik at walang ingay. Ito ay tinatawag na pagbasang paaral sapagkat ang pagbabasa ay mula sa pangkaalamang kadahilanan. Ang pangunahing layunin ng pagbasang tahimik ay matutunan ng mga mag-aaral ang mga

kabatirang matatagpuan sa iba't ibang uri ng nalimbag na aklat. Ito ay nagbibigay ng tahasang pagpapaliwanag upang mabigyan ang mga mag-aaral ng kakayahang kailangan sa paggawa ng buong husay sa mga gawaing pampaaralan sa tulong ng mga aklat. Isa rin itong kasanayan sa pagbasa na hindi dapat ipagwalang bahala. Dapat din itong linangin ng mga guro sa mga batang kanilang tinuturuan.

Isang artikulo ni Paguio (1980) ukol kay Marites F. Calderon, ang 16 na taong bata na tinaguriang pinakamabilis bumasa sa buong mundo. Siya ay napiling tagapagsalita sa isang panayam o talakayan sa auditorium ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas noong dekada 80, ay nagbigay ng anim na paraan upang maging isang mabilis na mambabasa; (1) Subukan na magbasa sa pamamagitan ng pagkuha ng pinakakaisipan o pinakapangunahing diwa ng mga lipon ng mga salita o talata; (2) Huwag nang balikan ang nabasa na kahit alam mo na may nakaligtaan kang ilang mga kaisipan; (3) Huwag gamitin ang labi sa pagbabasa kung nagbabasa nang tahimik. Ang mga mata at isip lamang ang gamitin sapagkat mas mabilis kumilos ang mga ito; (4) kung magbabasa pumunta sa lugar na maliwanag at mahangin sapagkat ito ay nakakatulong sa konsentrasyon sa pagbabasa; (5) Magsanay bumasa ng mga babasahing

makabuluhan at kawili-wili; (6) At kinakailangan ang konsentrasyon sa pagbabasa. Si Marites ay nakakabasa ng 80,000 na mga salita sa isang minuto, na may isang daang bahagdan (100%) na pag-unawa.

Ang mga babasahin ay dapat na nakatuon sa pag-unlad ng bata. Kinakailangang may kaugnayan sa kanyang karanasan sa pagbasa upang ito ay maging makahulugan para sa mga bata.

Batay sa sarbey ni Lesesne (1991) kung ang mga mag-aaral ay mabibigyan ng tamang oras sa pagbasa, tamang mga teksto o aklat na babasahin, at kalayaan na maibahagi ang kanyang kakayahan sa pagbasa sa ibang mag-aaral, nagkakaroon sila ng positibong saloobin. Habang sila ay nalilibang sa pagbabasa lalong lumalawak at nalilinang ang kanilang kakayahan sa kasanayang binaggit.

Ayon kay Bamman (1986) ang isang mabuti at balanseng pampaaralang programa ay nakasandal sa mga materyal at mga estratehiya sa pagtuturo. Ang pagtuturo ng pagbasa ay dapat isaalang-alang ng bawat guro, maliban sa kanyang kurso na natapos. May apat na pagdulog o paraan upang matulungan ang mga mag-aaral na maging epektibong mambabasa.

Unang Pagdulog, paggamit ng panimulang pagbasa na programa. Ito ay nagbibigay ng instruksyon sa lahat na pundamental na saloobin sa pagbasa at kakayahang pangwika. Ang instruksyon ay nagsisimula sa pagtuturo ng pagkilala ng mga salita, bokabularyo at komprehensyon upang tulungan ang mga mag-aaral na matuto ng iba't ibang uri ng pattern o hulwaran sa pagbasa.

Ikalawang Pagdulog, ang mga guro na nagtuturo ng iba't ibang asignatura ay dapat ilakip ang pagtuturo ng kasanayan sa pagbasa sa kanilang pagtuturo upang lalong malinang sa mga mag-aaral ang kasanayang ito.

Ikatlong Pagdulog, nagbibigay diin sa pagbasa upang maging daan sa pagkintal sa kaisipan ng mga mag-aaral na ang pagbasa ay hindi lang isang gawain sa pag-aaral, kundi isa ring paraan upang ang mga bata ay mabigyan ng pagkakataon na makaranas ng pansariling kasiyahan na dulot ng pagbabasa.

Ikaapat na Pagdulog, pagbibigay ng espesyal na tulong o atensyon para sa mga bata na may kapansanan o kahinaan sa pagbasa. Ang mga batang ito ay karaniwang tinatawag na mga retarded na mambabasa o mga bata na may kapansanan sa pagbasa. Ang mga bata na may kapansanan sa pagbasa ay tumatanggap ng tulong mula sa mga eksperto

kagaya ng mga doktor o sikolohista upang malutas ang problema nila sa kasanayang nabanggit.

Sa pamamagitan ng isang epektibong pagtuturo sa loob ng klasrum ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay napapaunlad at napapabuti, kaya't malaki ang tungkulin na ginagampanan ng mga guro sa paghubog at pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Kailangan na ang guro ay maging matiyaga, masipag at handa sa lahat ng oras ng pagtuturo upang ang mga mag-aaral ay mahikayat na matutong magbasa at mag-aral ng mabuti.

**Mga Kaugnay na Pag-aaral**

Katulad ng maraming pantaong kakayahan, ang pagbasa ay isa ring gawaing pangkasanayan na dapat ituro sa mga bata at ito ay pinatunayan ng mga isinagawang pag-aaral na matatagpuan sa bahaging ito.

Ayon kay Cruz (1980) ang "Informal Reading Tests" ay nilinang upang gamitin na panukat sa kakayahan ng mga batang mag-aaral sa ikaapat na baitang sa pagbasa. Ang "Informal Reading Tests" ay binubuo ng dalawang uri ng pagsubok; pagbasang pasalita at pagbasang tahimik. Sinusukat ng dalawang uri ng pagsubok ang kakayahan ng mga bata sa pagkilala ng salita, bilis sa pagbasa at pag-unawa. Isang kwento na binubuo ng 50 salitang may limang

tanong ang pagsubok sa pagbasang pasalita at gayundin sa pagbasang tahimik. Ang kwento ay nagmula sa sanayang aklat ng mga bata. Ang mga pagkakamali ng mga bata ay maaaring palaktaw, pagdaragdag, pag-uulit, pagliban sa bantas sa maling pagbigkas. Sa bawat kamaliang ginawa ay may kaukulang simbolo na iguguhit ng guro sa kinaroroonan ng salitang hindi nabasa nang wasto. Kung sila ay makagawa ng isang pagkakamali sa bawat 19 na salita sila ay nasa kabiguang antas, kung isang pagkakamali sa bawat 20-40 salita sila ay nasa instruksyonal na antas at kung isang pagkakamali sa bawat 41 na salita sila ay nasa basal na antas sa pagbasang salita. Kung nasagot ng mga bata ang 4-5 na katanungan ng kwento sila ay nasa basal na antas; kung sa tatlong tanong ang masagot sila ay nasa instruksyonal na antas, kung dalawa o isa ang nasagot na tanong sila'y nasa kabiguang antas na pag-unawa. Ang bilis nila sa pagbasang pasalita ay kinakailangang 120 salita sa bawat minuto at 200 na salita sa bawat minuto sa pagbasang tahimik upang sila ay makapasa sa bilis sa pagbasa. Sa pahayag ni Cruz, hindi sinabi kung papaano ang pagbibigay lunas sa mga natuklasang kahinaan o kamalian samantala ang kasalukuyang pananaliksik ay nabigyan ito ng diin. Ang mananaliksik ay gumawa rin ng

isang uri ng pagsusulit ngunit ito ay sa paraang pagbasang tahimik lamang. Ang pagkakaiba ng kasalukuyang pananaliksik, ang ginawa ni Cruz na pagsusulit ay pagsusulit sa pagbasang pasalita at pagbasang tahimik at ang huli ay nauukol lamang sa pagbasang tahimik. Ang mga batang kalahok sa pag-aaral ni Cruz ay mga mag-aaral sa ikaapat na baitang samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay mga mag-aaral sa ikatlong baitang.

Ang pag-aaral ni Laguda (1989), ay nauukol sa "Pagsusuri ng mga Kahinaan sa Pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa Ikaanim na Baitang sa Unang Purok ng Calatrava, Sangay ng Negros Occidental". Pamaraang Palarawan o Palarawang Estadistikang Pag-aaral ang ginamit na disenyo sa pag-aaral na ito. Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na mga konklusyon ay inilahad: (1) Ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ng tatlong piling paaralang elementarya ng Calatrava ay may antas ng kahusayan sa mga kasanayan sa pagkilala sa mga salita, kasanayan sa pag-unawa sa binasa at kasanayang pang-aklatan. (2) Ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ng nasabing mga paaralan ay may lawak na kainaman sa mga kabuuang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa.

Tulad ng pag-aaral ni Laguda, Palarawang Estadistika Pag-aaral ang disenyo ng pananaliksik na ginamit ng kasalukuyang pag-aaral. Gumawa rin ng isang pagsusulit sa pagbasang tahimik ang mananaliksik at ang mga kasanayang matatagpuan sa pagsusulit ay pagbasa sa pagkuha ng detalye, pagbasa sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari, pagbasa sa pagkuha ng pangunahing diwa, pagbibigay ng mga palagay o kuro-kuro at pagbasa sa nakalimbag na panuto.

Ang pag-aaral ni San Buenaventura (1986), ay tungkol sa "Paghahambing ng Pagbasang Tahimik sa Filipino at Ingles sa Ikaanim na Baitang ng Paaralang Elementarya ng De Castro Taong Panuruan 1985-1986". Nilayon ng pag-aaral na ito na malaman at masuri ang iba't ibang suliraning kinakaharap ng mga bata sa pagbasa ng Filipino at Ingles at pinaghambing ang mga ito upang makaharap ng lunas para sa ikakatuto ng mga bata sa ikaanim na baitang ng naturang paaralan. Mula sa 303 na mag-aaral ng nasabing paaralan 70 lamang ang napiling kalahok sa pag-aaral na ito. Pasumalang pagpili rin ang ginamit sa pag-aaral ni San Buenaventura. Ang mga instrumentong ginamit ay isang pagsusulit, talatanungan at pakikipanayam sa pagkuha ng mga datos. Sa pakikipanayam sa maraming mga batang kalahok; harapang napakinggan ang iba't ibang mga

suliranin sa kanilang pagbasang tahimik sa Filipino at Ingles. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay ang mga sumusunod: (1) Ang pagbabasa ay nakakaapekto nang lubos sa mga bata; (2) Ang mga bata ay sadyang may kani-kanyang antas ng pag-unawa sa pagbasang tahimik. Nakahihigit ang kanilang kakayahan sa pagbasang tahimik sa Filipino kaysa sa Ingles; 3)Ang mabuting epekto kapag mahusay ang mag-aaral sa gawaing pagbabasa; madaling matuto sa mga aralin na magandang daan upang maging matagumpay ang pag-aaral ng isang bata.

Tulad ng pag-aaral ni San Buenaventura, ang kasalukuyang pag-aaral ay gumamit din ng isang uri ng pagsusulit sa pagbasang tahimik. Gumamit din ng talatanungan at pakikipanayam upang makalikom ng mga akmang datos. Ang pagkakaiba ng pag-aaral ni San Buenaventura sa kasalukuyang pag-aaral sa ikaanim na baitang ang kanyang napiling kalahok at ang huli ay mga mag-aaral na nasa ikatlong baitang ang mga kalahok.

Si Landingin (1984), ay nagsagawa ng "Pagsusuri sa Antas ng Kakayahan sa Pag-unawa sa Kahulugan ng Binasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa Ikatlong Baitang ng Silangang Distrito, Sangay ng mga Paaralang Lungsod, Cagayan de Oro sa Taong Panuruan 1983-1984". Ang

pagsusuri ay ibinatay sa mga markang natamo ng Pangkat A, na binubuo ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang na gumamit ng isang pamantayang pagsasanay mula sa aklat ni Capili. Ang marka sa ikalawang markahan ng Pangkat B na binubuo ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang na gumamit ng iba't ibang batayang aklat sa pagbasa at isang talatanungan na tumugon sa kasarian, gulang at sosyo-ekonomikong istatus ng mga bata. Tinasa rin ang kaibhan ng kakayahan ng mga kalahok batay sa mga baryabol ng gulang, kasarian, at sosyo-ekonomikong istatus. Sa pagpili ng mga kalahok ginamit ang pasumalang pagpili o random sampling sa loob ng takdang panahon. Pagkatapos malikom ang mga datos, inilipat ito sa talahanayan at tinuos ang bahagdan. Natuklasan sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod: (1) Ang mga mag-aaral na nailantad sa isang maayos at mahusay na pamamaraan ng pagtuturo na gumamit ng mga pamantayang pagsasanay sa pagbasa ay nagpakita ng kasiya-siyang bunga: (2) Ang mga mag-aaral sa unang pangkat na gumamit ng pamantayang pagsasanay mula sa aklat ni Capili A, 1973 ay may katamtamang antas sa kakayahan sa pag-unawa sa kahulugang binasa sa Filipino. Mula sa gradong 95 at 75 ay naipamahagi ang mga tagatugon sa katamtamang bahagdan. Samantala, ang antas

ng kakayahan sa pag-unawa sa kahulugan ng binasa sa Filipino ng mga mag-aaral na gumamit ng batayang aklat sa pagbasa ay masyadong mababa; (3) Ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga bata na nag-aaral sa paaralang sentral ay kainaman ang iskor na nakamit; (4) Ang bilis sa pagbasang tahimik ng mga kalahok na nag-aaral sa mga paaralang nasa baryo ay masyadong mababa rin; (5) Ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga bata na nag-aaral sa mga paaralan na nasa baryo ay kainaman ang iskor na nakuha; (6) Ang sosyo-ekonomikong istatus ng mga mag-aaral sa sentral at baryo ay mababa; (7) May makabuluhang kaugnayan ang sosyo-ekonomikong istatus ng mga kalahok sa bilis at kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik nila.

Ang pag-aaral ni Razon at ng mananaliksik ay may pagkakahawig sapagkat ang isa sa layunin ni Razon at ng mananaliksik ay matasa ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok. Ang pinagkaiba ng dalawang pag-aaral; ang mga kalahok sa pag-aaral ni Razon ay mga batang mag-aaral sa ikaanim na baitang at ang kasalukuyang pag-aaral ay mga batang mag-aaral sa ikatlong baitang.

Ang pag-aaral ni Machacon (1981), ay tungkol sa pagsuri sa "Kaugnayan sa Bilis at mga Kasanayan sa Pagbasang Tahimik sa Apat na Antas ng Pagbabasa na may Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Baitang sa Distrito ng Mabolo, Cebu". Ang apat na kasanayang tinutukoy sa pag-aaral ay ang sumusunod: (1) literal; (2) pagpapakahulugan; (3) kritikal; at (4) pag-uugnay. Ang mga datos na ginamit sa pag-aaral ay nanggaling sa mga guro at sa mga mag-aaral sa ikatlong baitang sa Distrito ng Malobo, Cebu. Ang mga kalahok ay may bilang na tatlong daan dalawampu't dalawa (322). Dalawang daan at labimpito (217) ang mula sa Paaralang Elementarya ng Mabolo; dalawampu't anim (26) sa Paaralang Elementarya ng Bagong Lipunan, at pitumpu't siyam (79) ang mula sa Paaralang Elementarya ng Bagong Buhay. Pasumalang pagpili ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok ng mananaliksik. Pagkatapos ng masinsinang pagsisiyasat at pagsusuri ng mga datos na nalikom; ginamit sa pagtutuos ang pormulang Chi-Square test at natuklasan ang mga sumusunod: (1) Ang antas o katayuan ng pagbasang tahimik na may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Mabolo, Bagong Lipunan at Bagong Buhay ay sapat; (2) Ang ipotesis na hindi naiiba sa normal curve at tinanggihan sapagkat ang

tinuos ng Chi-Square na 960.63 na mas mahigit kaysa sa kritikal balyu na 5.991. Karamihan ng mga mag-aaral ay may kahinaan sa bilis ng pagbasang tahimik. Ang bilis ng pagbasang tahimik ng mga mag-aaral ay hindi nakaabot sa 106 na salita bawat minuto para sa ikatlong baitang; (3) ukol sa kaugnayan ng bilis at mga kasanayan sa pagbasang tahimik na may pag-unawa ayon sa apat na antas na literal, pagpapakahulugan, kritikal, at pag-uugnay ay pawang hindi makabuluhan; (4) Kanya ring natuklasan na ang mga mag-aaral ay dapat sanayin sa pag-unawa sa pagbasang tahimik at sa ganitong pagsasanay lamang maaring mahihirapan ang mga batang ito kung mapupunta na sa mas mataas na antas ng pag-aaral lalo na sa sekundarya; (5) Kanya ring napag-alaman na ang ibang guro ay hindi nagbibigay ng pagsasanay sa pag-unawa sa pagbasang tahimik at bilis sa pagbasang tahimik. Nakukuntento na lamang ang mga ito na basta pabasahin ang mga bata at maunawaan ng mga bata ang kanilang binabasa.

Ang pag-aaral ni Machacon ay masasabing may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang mga kalahok na napili ay mga mag-aaral sa ikatlong baitang. Pasumalang pagpili rin ang ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng mga kalahok. Sinuri rin ni Machacon ang

kakayahan sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok gayundin sa kasalukuyang pag-aaral. Ang pinagkaiba lamang ng dalawang pag-aaral ay ang kay Machacon, mga batang Cebuano ang mga kalahok na pinili at ang huli ay mga batang Waray.

Si Isip (1982), ay nagsagawa ng isang dayagnostikong pagsusuri ukol sa "Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang, Sangay ng Pampanga, Taong Panuruan 1981-1982". Ang pagsusulit na ito ay mula M.E.C.S. na ngayon ay Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang pagsusulit ay nauukol sa pagtasa sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa, kasali na rito ang pagbasang tahimik.

Ang sumusunod ay ang mga kinalabasan ng kanyang pag-aaral: (1) Ang mga batang kalahok ay may kahinaan sa kakayahan sa pagkuha ng mga tiyak na kahulugan ng mga salita; (2) Ang mga batang kalahok ay nagpakita ng galing sa pagbasa sa pagkuha ng detalye; (3) Ang ilang mga batang kalahok ay nahirapan sa pag-unawa ng dalawa o higit pang kasanayan kapag magkasunod na ginamit. Ito ay naipakita sa mga kasanayan sa pagkuha ng pangunahing diwa, paghahanay at pagbabalangkas; (4) Ang mga batang kalahok ay nahirapang makita ang kaugnayan o pag-uugnay

ng bawat ideya upang maisaayos nila ang mga pangyayari sa tamang ayos. Sa madaling salita, nahirapan ang mga batang kalahok na sagutin ang pagbasa sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari; (5) Ang pagpili ng tamang sagot mula sa mga kalipunan ng mga sagot na pagpipilian ay lubhang napakahirap para sa mga batang kalahok kaysa sa pagpili ng isang tamang sagot mula sa kalipunan ng hindi tama; (6) Ang mga batang kalahok sa pag-aaral na ito ay halos may pagkakapareho o pagkakaugnay ang kanilang kakayahan sa pagbasa ngunit ang kanilang pagkakaiba ay batay sa antas ng kahirapan.

Tulad ng pag-aaral ni Isip, ang kasalukuyang pag-aaral ay gumamit ng isang pagsusulit na tumatasa sa ilang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa tulad ng kakayahan sa pagkuha ng mga detalye, pagkuha ng pangunahing diwa, at pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

Si Pinuga (1984), ay nagsagawa ng isang sarbey ukol sa "Antas ng Kahirapan sa Pagbasa ng mga estudyante sa Unang Taon ng Mataas na Paaralan ng Paaralang Bokasyunal at Industriyal ng Mercedes, Taong Panuruan 1983-1984." Layunin ng pag-aaral ang alamin ang kakayahan sa pagbasa sa wikang Ingles at ang karaniwang kahirapan sa pagbasa na nararanasan ng mga kalahok. Ang mga sumusunod ay ang

kinalabasan ng kanyang pag-aaral: (1) Napatunayang nahirapan ang mga bata sa pagsagot sa mga seleksyon na ang kasanayang nililinang ay pagbasa sa pagkuha ng pangunahing diwa at pagbibigay ng sariling kuro-kuro; (2) Batay sa sarbey, ang mga batang kalahok na matatalino ay hindi masyadong nahirapan sa pagsagot sa pagsusulit; (3) Ngunit sa kabuuan, ang lahat ng mga kalahok ay nagpakita ng mas mababang antas ng kakayahan sa pagbasa kaysa sa antas na dapat nilang matamo.

Tulad ng pag-aaral ni Pinuga nilinang din ng kasalukuyang pag-aaral ang ilang kasanayan sa pagbasa sa paraang pagbasang tahimik. Tulad ng pagbasa sa pagkuha ng pangunahing diwa, pagbibigay ng sariling kuro-kuro at iba pa. Ang ikinaiba ng dalawang pag-aaral, ang pag-aaral ni Pinuga ay naisulat sa wikang Ingles at ang mga batang kalahok ay mga mag-aaral na nasa unang taon ng mataas na paaralan samantalang ang kasalukuyang pag-aaral, wikang Filipino ang ginamit na wika at ang mga batang kalahok ay nasa ikatlong baitang sa elementarya.

Ang pag-aaral ni Ladera (1985), ay tungkol a "Kahirapan, sa Talasalitaan, Balarila at Pagbabasang Pag-unawa sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang ng Paaralang Publiko ng Catigbian, Taong Panuruan

1984-1985." Dalawang daan at siyamnapung mag-aaral (290) ang mga napiling kalahok. Isang daan at tatlumpu't walo (138) ang mga lalaki at isang daan at limampu't dalawa (152) ang mga babae mula sa sampung elementaryang (10) pampubliko sa bayan ng Catigbian. Narito ang kinalabasan ng kanyang pag-aaral: (1) Ukol sa ipotesis sa pananaliksik naipakitang may makabuluhang kaibhan ang mga babae at lalaki sa mga mahalagang kasanayan sa pagbasa; (2) Ayon sa kinalabasan ng pagsusulit napansin na ang mga babae ay nakalalamang ng kuha o iskor kaysa sa mga lalaki; (3) Napagpasyahan na batay sa panlahat na kaalaman ayon sa pangkatauhang kaibhan ang mga babae ay lalong mahusay sa kaalaman ng pagbasang tahimik kaysa sa mga lalaki. Tulad ng pag-aaral ni Ladera tinasa din sa kasalukuyang pag-aaral kung may makabuluhang kaibhan ang mga babae at lalaki sa kanilang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik. Magkaiba lang dito ang kaligiran ng pag-aaral.

Ang pag-aaral ni Luena (1989), ay tungkol sa "Pagkakaugnay ng Di-Pormal na Imbentaryo sa Pagbasa at Marka sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikalimang Baitang ng mga Paaralang Sentral at mga Paaralang Rural sa Sangay ng Lungsod ng Calbayog." Limampung (50) mag-aaral;

dalawampu't anim (26) na lalaki at dalawampu't apat (24) na babae ang mga napiling kalahok sa pag-aaral na ito. Ang mga batang kalahok na napili ay mula sa 1,103 na mag-aaral sa ikalimang baitang na nagmula sa limang (5) Paaralang Elementarya ng Sentral at lima (5) sa Paaralang Elementaryang Rural na matatagpuan sa Sangay ng Lungsod ng Calbayog. Ang sumusunod ay ang mga kinalabasan ng kanyang pag-aaral: (1) Sa limampung (50) mag-aaral na binigyan ng pagsusulit, tatlo (3) o anim na bahagdan (6%) ang nasa antas na ng nakapagsasarili; tatlumpu't isa (31) o animnapu't dalawang bahagdan (62%) ang nasa antas ng pagtuturo; labing-anim (16) o tatlumpu't dalawang bahagdan (32%) ang nasa antas ng kabiguan; (2) Walang pagkakaiba ang kinalabasan ng pagsusulit sa mga Paaralang Sentral at mga Paaralang Rural; (3) Malaki ang kaugnayan ng antas ng pagbasa sa marka ng mga bata; (4) Sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik lubhang nahirapan ang mga mag-aaral sa mga tanong tungkol sa talasalitaan at hindi sila gaanong nahirapan tungkol sa pagbasa sa pagkuha ng mga detalye.

Ang pag-aaral ni Luena ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang ilang kasanayan na binuo sa kanyang pagsusulit tulad ng pagbasa sa pagkuha ng detalye

ay binigyang halaga sa paggawa ng pagsusulit sa kasalukuyang pag-aaral. Mga kalahok na galing sa Paaralang Sentral ng Catbalogan ang ginamit ng mananaliksik; Magkaiba lamang dahil sa lungsod ang lokasyon ng kanyang pag-aaral at ang kasalukuyang pag-aaral ay matatagpuan sa bayan.

Mula sa pag-aaral ni Codoy (1996) tungkol sa "Effectiveness of Silent Reading Comprehension Exercise on the Reading Achievement of Pangdan Grade V Pupils", kanyang natuklasan ang paggamit ng mga pagsasanay sa pagbasang tahimik ay mabisa; nangangahulugan na ang paggamit ng mga pagsasanay sa pagbasang tahimik ay mas nakatutulong sa mga mag-aaral na nasa ikalimang baitang. Batay sa kanyang pananaliksik iminungkahi niya ang mga sumusunod: (1) Gamitin ang pagbasang tahimik sa pagtuturo ng guro bilang estratehiya sa pagpapalawak ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral; (2) Ang pagsusulit o mga pagsasanay sa pagbasang tahimik na kanyang inihanda ay lalo pang subukan o gamitin nang mahigit sa anim na buwan hanggang isang taon upang lalong makita ang bisa nito sa pagpapalawak ng kakayahan sa pagbasa; (3) Ito ay maaaring gamitin sa halip na ang pamaraang talakayan para sa mga gawaing pangklase; at (4) Pahintulutan ang mga mag-aaral

na kumilos ayon sa kanilang bilis sa pamamagitan ng paggamit nitong kagamitang pampagtuturo.

Ang pag-aaral ni Codoy at ang kasalukuyang pag-aaral ay may pagkakahawig dahil sa ang layunin ng mananaliksik ay mataya ang kakayahan sa pagbasang tahimik ng mga batang mag-aaral sa ikatlong baitang. Nagkakaiba lang sa mga kalahok na ginamit ng dalawang pag-aaral.

Si San Antonio (1998) ay nagsagawa ng pag-aaral ukol sa kabisaan ng paggamit ng "Pamaraang Marungko sa Pagpapabuti ng Panimulang Pagbasa sa Filipino". Isang eksperimentong pananaliksik ang isinagawa niya. Ang grupong eksperimental ay ginamitan ng Pamaraang Marungko sa pagtuturo ng Panimulang Pagbasa samantalang ang grupong kontrolado ay tinuruan ng Panimulang Pagbasa sa pamamagitan ng Papantig na Pamamaraan ng pagtuturo sa Pagbasa. Tiningnan at inobserbahan ang pagkakaiba ng kakayahan ng dalawang grupo sa: a) pagkilala ng mga salita, at b) pag-unawa sa binasa.

Ang kinalabasan ng eksperimento ay ang mga sumusunod:

1. Nakakuha ng mas mataas na Mean Achievement Scores (MAS) sa pagkilala sa mga salita, pag-unawa sa binasa at pagsusulit sa pagbasa ang mga mag-aaral na ginamitan ng

Pamaraang Marungko (eksperimental na klase) kaysa sa mga mag-aaral na ginamitan ng Pamaraang Papantig (kontroladong klase) sa pagtuturo ng Pagbasa. Lubhang mahalaga ang pagkakaiba sa .01 na lebel ng mga nagawa o kakayahan ng mga batang ginamitan ng Pamaraang Marungko;

2. Nakakuha ng mataas na MAS sa Wika, Pagbasa, Sibika at Kultura, Language at Matematika ang mga klaseng ginamitan ng Pamaraang Marungko kaysa sa mga klaseng ginamitan ng Pamaraang Papantig. Lubhang mahalaga ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan sa iba't ibang asignatura ng klaseng ginamitan ng Pamaraang Marungko;

3. Mabisa ang Pamaraang Marungko sa pagtuturo ng Panimulang Pagbasa;

May pagkakahawig ang pag-aaral ni San Antonio sa kasalukuyang pag-aaral dahil isa sa kasanayang tinasa ay ang pag-unawa sa binasa. Ang pagkakaiba ng dalawang pananaliksik, ang kay San Antonio ay paggamit ng bisa ng Pamaraang Marungko at ang kasalukuyang pag-aaral ay tinasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa Pamaraang Pagbasang Tahimik.

Si Villareal (1991) ay nagsagawa ng pag-aaral ukol sa "Mga Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Unang Baitang, Purok ng Del Gallego, Camarines Sur". Batay sa

kanyang pag-aaral, kumuha siya ng 498 na kalahok na binubuo ng pitumpu't dalawang bahagdan (72%) na kumuha ng pagsusulit na nagmula sa 689 na mga mag-aaral ng Purok ng Del Gallego na nag-aaral sa unang baitang. Bumuo ang mananaliksik ng isang maikling kwento na katatagpuan ng mga kasanayang dapat linangin tulad ng: 1) Pagbasa sa Pagkuha ng Mahalagang Detalye; 2) Pagbasa sa Pagkuha ng Pangunahing Diwa; 3) Pagbasa sa Pagsunod sa Panuto; 4) Pagbasa sa Pagkakasunud-sunod ng mga Pangyayari. Pagkatapos, basahin ang kwento ng mga batang kalahok may sampung mga katanungan ang pinasagot. Binigyan ng sapat na panahon ang mga batang kalahok upang mabasa at masagot ang sampung katanungan at pagsusulit.

Narito ang kinalabasan ng pag-aaral:

1. Batay sa resulta ng pagsusulit, ang mga mag-aaral sa unang baitang ay may kasanayan sa Pagbasa sa Pagkuha ng Mahalagang Detalye. Sinundan ito ng pagbasa sa Pagkuha ng Pangunahing Diwa. Ang mga bata ay nangangailangan ng ibayong kasanayan sa pagbasa sa Pagsunod sa Panuto at Pagbasa sa Pagkakasunud-sunod ng mga Pangyayari; 2) Ang mga mag-aaral sa unang baitang ay nahanay sa tatlong kategorya: mahinang bumasa, katamtaman kung bumasa at mabilis bumasa. Ito ay batay sa ginawang pagsusulit sa

pagbasa sa lahat ng mga kasanayang binanggit; 3) Lumitaw sa pag-aaral na pitumpu't limang bahagdan 75% ng mga mag-aaral sa unang baitang ay mahinang bumasa, labing-apat na bahagdan 14% ang katamtaman kung bumasa, at labing-isang bahagdan 11% lamang ang mabilis bumasa lalo na kung ang bibigyan ng tuon ay ang apat na kasanayan sa pagbasa na dapat malinang sa unang baitang. Kaya't ang mananaliksik ay nagkaroon ng konklusyon na ang mag-aaral sa unang baitang sa Purok ng Del Gallego ay hindi nagkaroon ng sapat na kasanayan sa pagbasa na dapat matamo ng mga mag-aaral sa loob ng isang taong panuruan; 4) Halos pantay ang bilang ng mga babae sa bahagdan na pitumpu't anim 76% at ang lalaki ay may bahagdan na pitumpu't lima 75% na mga mag-aaral na mabibilang sa mahinang bumasa; higit na marami ang lalaki sa bahagdan na labing-anim 16% kaysa sa mga babae na may bahagdan na labing-isa 11% ang may katamtamang kaalaman sa pagbasa, at nakahihigit ang babae sa bahagdan na limampu't isa 51% kaysa sa lalaki na may apatnapu't siyam na bahagdan 49% ang mabilis bumasa.

Tulad ng pag-aaral ni Villaroel, ang mananaliksik ay bumuo ng ilang maiikling kwento. Ang mga maiikling kwentong ito ang siyang ginamit sa pagtasa sa kakayahan sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok sa ikatlong

baitang. Apat ang kasanayan sa pagbasa ang tinasa ni Villaroel samantala limang kasanayan sa pagbasa ang tinasa naman ng kasalukuyang pag-aaral.

Ang pag-aaral ni Jumao-as (1986) ay tungkol sa "Study of Difficulties in the Teaching of Reading in Grade III in Inabanga District, Inabanga, Bohol: Implications to the Development Reading Program". Batay sa kanyang ginawang sarbey ng pagtuturo sa pagbasa sa ikatlong baitang; kanyang natuklasan ang mga sumusunod: 1) Maraming mag-aaral sa ikatlong baitang ang mahinang bumasa; 2) Maraming mag-aaral din sa ikatlong baitang ang hindi nakakabasa; 3) Maraming mga mag-aaral sa ikatlong baitang ang hindi nakakaunawa sa binasang teksto; at 4) Maraming mga mag-aaral sa ikatlong baitang ang nagpa-kita ng hindi mabuting gawi habang nagbabasa nang tahimik.

Kanyang iminungkahi ang mga sumusunod: 1) Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa kakayahan o kahinaan at bigyan ang bawat grupo ng kinakailangang panlunas na gawain; 2) Atasan ang mga magaling bumasa na mag-aaral na turuan ang ilang mga bata na may konting kahinaan sa pagbasa; at 3) Bumuo ng isang epektibong programa sa pagbasa na nakakatulong sa mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa.

Ang pag-aaral ni Jumao-as ay may pagkakahawig sa kasalukuyang pag-aaral sa dahilang parehong nasa ikatlong baitang ang mga napiling kalahok ng dalawang pag-aaral. Datapwat, magkaiba lamang ang wikang ginamit sa pananaliksik, Ingles ang kay Jumao-as, Filipino naman ang wikang ginamit ng kasalukuyang pag-aaral.

Si Frias (1984), ay nagsagawa ng pag-aaral ukol sa, "The Effect of Intensive Reading on the Speed and Comprehension Performance of Grade III Pupils at Philippines Normal College Laboratory Elementary School." Layunin ng pag-aaral na ito na matasa ang epekto ng masidhing pagbabasa ayon sa bilis at kakayahang pangkomprehensyon ng tatlong grupo ng mga mag-aaral na nasa ikaanim na baitang na nagmula sa Philippine Normal College Laboratory Elementary School sa unang semestre ng Taong Panuruan 1980-1981. Nagkaroon ng pasumalang pagpili mula sa tatlumpung (30) mag-aaral na nasa ikaanim na baitang na nagmula sa eksperimental na klase. Sila ay pinagpangkat-pangkat batay sa kabuuang markang nakuha nila sa ikalimang baitang. Ang unang sampung mag-aaral na may pinakamataas na kabuuang marka ay nahanay sa pinakamataas na pangkat. Ang sumunod na sampung mag-aaral na may kabuuang markang katamtaman ay napunta sa pangkat

na tinatawag na katamtamang pangkat. At ang huling sampung mag-aaral na nakakuha ng mababang kabuuang marka ay nahanay sa pinakamababang pangkat o ikatlong pangkat.

Sa unang bahagi ng semestre, binigyan ang tatlong pangkat ng Paunang Pagsusulit sa pagbasa na may tatlong uri ng seleksyon. Ang masidhing gawaing pagbabasa ay ginawa mula sa Hulyo hanggang Oktubre 1980. Ang ilang gawain sa pagbasa na nilinang ay ang kasanayang pangbokabularyo, kasanayang pangkomprehensyon o pag-unawa, atbp. Ito ay isinagawa sa tatlong grupo o pangkat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Sa huling bahagi ng unang semestre isang panghuling pagsusususulit sa pagbasa ang ibinigay sa mga batang kalahok.

Narito ang kinalabasan ng pag-aaral ni Frias: 1) Ang resulta ng una at panghuling pagsusulit sa pagbasa ay pinaghambing upang matasa ang epekto ng masidhing pagbabasa. Ang natamong marka ng tatlong pangkat na kalahok ay nagpakita ng isang malawakang pag-unlad sa bilis sa pagbasa at kakayahang pangkomprehensyon o pag-unawa; 2) Mula sa tatlong pangkat, ang mga mag-aaral na nabibilang sa pinakamataas na pangkat ay mas may natutunan sa isinagawang gawain sa masidhing pagbabasa. Ngunit, ang mga mag-aaral na nabibilang sa katamtaman at

mababang pangkat ay nagpakita rin ng pag-unlad sa kanilang bilis sa pagbasa at kakayahang pangkomprehensyon o pag-unawa;

Sa kabuuan, ang masidhing pagbabasa ay isang kawili-wiling gawain na dapat matutunan ng mga mag-aaral. Ito ay nagbibigay ng iba't ibang gawaing pagbabasa sa mga mag-aaral na nagtataglay ng iba't ibang lebel ng kakayahan sa pagbasa.

May pagkakahawig ang pag-aaral ni Frias sa kasalukuyang pag-aaral sa dahilang parehong pasumalang pagpili ang ginamit nila sa pagpili ng mga kalahok sa pag-aaral na isinagawa. Parehong tinasa ng dalawang pag-aaral ang kakayahan sa pag-unawa o komprehensyon ng mga mag-aaral. Si Frias ay nagbigay ng una at panghuling pagsusulit sa kanyang mga napiling kalahok at ang kasalukuyang pag-aaral ay nagbigay ng isang pagsusulit sa pagbasa ng isang beses lamang.

Natuklasan ni Hayford (1983) sa kanyang disertasyon na pinamagatang, "Achievement and Attitudes of Intermediate Age Children in Grade 4, 5, 6 Relative to the Reading Comprehension of Poetry." Batay sa kanyang pagsisiyasat natuklasan ang mga sumusunod: 1) Ang mga bata ay may positibong saloobin sa panulaan. Maliban sa

ilang mga batang lalaking nasa ikaanim na baitang, ang mga lalaki at babae ay nagpakita ng positibong saloobin; 2) Natuklasan din na ang mga baryabol na baitang at kasarian ay may malaking impluwensya sa pagbasa sa panulaan ngunit ang mga baryabol na ito ay hindi nagdulot ng kaibhan sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng tuluyan.

Tulad ng pag-aaral ni Hayford, sinikap ng kasalukuyang pag-aaral na tiyakin ang impluwensya ng mga baryabol na baitang at kasarian sa panlasa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Natuklasan ni Lowery (1983), sa kanyang disertasyon na pinamagatang, "Reading Preferences of Elementary School Children of Varying Socio-Economic Levels as Indicated by School Library Circulation Records," ang mga sumusunod: 1) Na ang mga mag-aaral na nabibilang sa mababang kalagayang sosyo-ekonomikong istatus ay nawiwili sa mga maimahinasyon at madaling maunawaan na literatura samantalang, ang mga mag-aaral na may mataas na kalagayang sosyo ekonomikong istatus ay nawiwili sa mga makatotohanang literatura o "non-fiction"; 2) Sa pamamagitan ng bilang ng bawat uri at kategorya sa babasahin, natuklasang may makabuluhang pagkakaiba ang

kawilihan at preperensya ng dalawang pangkat ng mga kalahok sa kanilang pagbasa ng mga pangnilalaman na aklat, literaturang guniguni, makatotohanang literatura at mga librong madaling basahin; 3) Hindi nagdulot ng pagkakaiba ang kalagayang sosyo-ekonomikong istatus sa pagbasa ng mga kalahok. Natuklasan din na ang mga mag-aaral na may mababang sosyo-ekonomikong istatus ay nagpakita ng preperensya sa mga aklat na may tauhan na hayop at may simpleng bokabularyo. Ang mga mag-aaral na may mataas na kalagayang sosyo-ekonomikong istatus ay nagpakita ng preperensya sa mga aklat na may matataas na antas.

Tulad ng pag-aaral ni Lowery, sinubok ng kasalukuyang pag-aaral kung may sadyang kaugnayan ang kasarian, gulang, at sosyo-ekonomikong istatus ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang sa kanilang kakayahan sa pagbasa ngunit sa paraang pagbasang tahimik. Upang lalong malinang at matugon sa mga mag-aaral ang kasanayang pampag-aaral at pampagkatuto na makatutulong sa pagtamo ng mataas na uri ng edukasyong elementarya.

Si Scflippi (1994), ay nagsagawa ng pag-aaral ukol sa "The Effect of Question Method on Third Grader's Written Response, Story Rating and Story Comprehension".

Batay sa pag-aaral na ito, sinuri niya ang epekto ng Pamaraang Patanong sa mga mag-aaral na nasa ikatlong baitang. Tatlong baryabol ng kawilihan naman ang sinukat ng Pasulat na kasagutan, ito ay ang kategorya, haba at kalidad. Ang datos ay nagmula sa apatnapu't walong (48) mga mag-aaral sa ikatlong baitang na nahahanay sa pinakamatalino at katamtaman ang katalinuhan. Ang mga kalahok ay nagmula sa tatlong seksyon sa ikatlong baitang na nag-aaral sa Purok ng Paaralang Urban. Labindalawang kwento ang pinili na nagmula sa Serye ng Basal na pagbasa para sa ikatlong baitang. Sa katapusan ng bawat kwento ay may mga kasunod na katanungan na batay sa kwentong binasa. Ang mga katanungang ginamit ay batay sa Iskema ng klasipikasyon ni Raphael. Pinabasa ang labindalawang kwento sa mga batang kalahok sa paraang pagbasang tahimik nang walang layunin sa pagbasa na ibinigay. Pagkatapos, mabasa ang bawat kuwento ay nagkakaroon ng malayang talakayan ang klase. Ang mga tanong pagkatapos ng bawat kwento ay pinasasagot sa mga bata. Minamarkahan o binibigyan ng grado ng guro ang bawat kwentong binasa at isang pagsusulit sa kakayahang pangkomprehensyon o pag-unawa ang ibinigay ng guro sa mga kalahok. Ang mga tanong na matatagpuan sa katapusan ng bawat kwento ay

may pokus na "reader-centered o text centered". Ang mga tanong na "reader-centered" ay galing sa "Christenbury and Kelly's Questioning Circle Method", at ang mga tanong na "text centered" ay may kategorya na batay sa Eskema ng klasipikasyon ni Raphael.

Narito ang kinalabasan ng pag-aaral ni Scflippi: 1) Sa pag-analisa o pagsuri ng malayang talakayan ang "reader-centered" na panlunas ay lumitaw na mas epektibo; 2) Ang mga mag-aaral na kalahok ay may malawak na kaalaman sa pangyayari ng bawat kwento bago ibinigay ang mga tanong na "reader-centered"; 3) Ang mga mag-aaral ay may mga sariling karanasan na naibahagi sa talakayan na may kinalaman sa kwento; 4) Ang mga kalahok sa pag-aaral ay may mataas na kakayahang berbal na nagsilbing daan upang malayang maibahagi nila ang kanilang mga karanasan sa talakayan ng grupo; 5) Ang kakayahan sa pag-unawa o pangkomprehensyon ng mga matalinong mag-aaral ay may mataas na lebel sa kakayahang nabanggit kumpara sa mag-aaral na nahahanay sa katamtamang antas ng kakayahan. 6) Mas lalong nalinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Ang pag-aaral ni Scflippi ay may pagkakahawig sa kasalukuyang pag-aaral dahil pareho silang gumamit ng mga

kwento upang matasa ang kakayahan ng mga bata sa pagbasa. Ang kay Scflippi ay kinapapalooban ng labindalawang kwento samantalang ang huli ay gumamit ng labing isang kwento sa pagtasa sa kakayahan ng mga kalahok. Parehong mga mag-aaral sa ikatlong baitang ang mga napiling kalahok ng dalawang mananaliksik.

Sa ginawang mga pananaliksik, natuklasan na karamihan sa mga kaugnay na pag-aaral at mga kaugnay na literatura ay nalimbag sa Wikang Ingles. Kung kaya, isinalin ng mananaliksik sa wikang Filipino ang ilang kaugnay na literatura at isinagawang pag-aaral upang lubusang umakma sa kasalukuyang pag-aaral. Natuklasan din ng mananaliksik na kakaunti pa lamang at mabibilang sa daliri ang gumawa ng tesis tungkol sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik sa Wikang Filipino. Kung mayroon man karamihan ay nasulat sa Wikang Ingles. Ang mga ito ang naging batayan sa pagbuo ng kasalukuyang pag-aaral.

**Kabanata 3**

# METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga pamamaraang ginamit sa paglutas ng mga suliraning pinag-aralan. Tinatalakay dito ang disenyo ng pananaliksik, ang instrumentasyong ginamit at balidasyon ng instrumento, ang sampling o pagpili ng mga kalahok, paglikom ng mga datos at ang paglalapat estadistika ng pag-aaral.

## Ang Disenyo ng Pananaliksik

Ang disenyong ginamit sa pag-aaral na ito ay ang Palarawang Pananaliksik at Korelasyon. Sinikap sa pag-aaral na ito, ang alamin ang tunay na kondisyon ng mga kalahok na mailarawan ang mga totoong kasagutan na pumapailalim sa bawat tiyak na katanungan at makuha ang iba pang resulta. Sa pananaliksik na ito, ang katangian ng mga batang kalahok na nasa ikatlong baitang na nagmula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar ay natuklasan sa tulong ng Palarawang Estadistika. Ang pagsusuri ng mga dokumento ang nagsilbing basehan upang malaman ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

**Ang Instrumentasyon**

Ang sumusunod ay ang mga instrumentong ginamit sa pagkalap ng mga mahahalagang datos na may kinalaman sa kasalukuyang pag-aaral.

**Pagsusuri ng mga Dokumento.** Ang mga dokumentong pampaaralan kagaya ng Form 138, Form 137, Form 1, at Form 3 ng mga batang kalahok na nag-aaral sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar ay sinuri ng mananaliksik at nalikom ang mga mahahalagang datos. Sinuri ang mga datos tulad ng kasarian, gulang, at iba pang impormasyong may kinalaman sa mga batang kalahok ng pag-aaral. Sinagot ring mabuti ang talatanungan ng mga batang kalahok at natasa kung may pagkakapareho ang impormasyong ibinigay ng mga batang kalahok lalung-lalo na sa bahaging Datos Personal.

**Talatanungan.** Sa paggawa ng talatanungan, ang mananaliksik ay nangalap ng mga ideya mula sa pagbabasa ng mga nalathala at di-nalathalang tesis o disertasyon. Ang suhestyon din ng kanyang tagapayo ay pinakinggan at sinunod. Kanyang masusing pinag-isipan kung papaano buuin ang talatanungan. Ang talatanungang nabuo ay nahahati sa tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay tungkol sa Datos Personal ng mga batang kalahok. Matatagpuan dito ang mga

pangalan, kasarian, gulang, mga guro at paaralang pinapasukan ng mga ito. Ang ikalawang bahagi ng talatanungan ay tungkol sa saloobin ng mga batang kalahok sa kabuuang markang natamo sa lahat ng asignatura. Sampung sitwasyon ang itinala sa talatanungan upang matasa ang tunay na saloobin ng mga batang kalahok. Ang talatanungan para sa saloobin ay may limang (5) puntos na panukat. 5 para sa "Lubos na Sumang-ayon", 4 para sa Sumasang-ayon", 3 para sa "Sumasang-ayon nang Kaunti", 2 para sa "Hindi Sumasang-ayon", at 1 para sa "Lubos na Hindi Sumasang-ayon". Ang ikatlong bahagi ng talatanungan ay ang buwanang kita ng pamilya na kumakatawan sa sosyo-ekonomikong istatus ng mga batang kalahok. Ang talatanungang ito ay sinuri at pinagtibay ng tagapayo. Matatagpuan ito sa Apendiks L.

**Pagsusulit**. Ito ay ginamit upang matasa ang kakayahan ng mga batang kalahok sa pag-unawa sa pagbasang tahimik. Matatagpuan ang pagsusulit na ito sa Apendiks H. Ang pagsusulit sa pagbasang tahimik na binuo ay may limang bahagi na kung saan ang Bahagi I ay para sa "Pagbasa sa Pagkuha ng Detalye", Bahagi II ay para sa "Pagbasa sa Pagkakasunud-sunod ng mga Pangyayari"; Bahagi III ay para sa "Pagbasa sa Pagkuha ng Pangunahing Diwa;

Bahagi IV ay para sa "Pagbibigay ng mga Palagay at Kuro-kuro" at Bahagi V ay para sa "Pagsunod sa Nakalimbag na Panuto".

Ang tatlumpu't limang (35) aytem ay binubuo ng labing-isang (11) maiikling kuwento. Sa bawat kuwentong mababasa ay may mga katanungang pinasasagot sa mga batang kalahok. Mayroong nakalaang sagutang papel na ibinigay sa bawat batang kalahok na kumuha ng pagsusulit. Ang pagsusulit ay may takdang panahon at takdang oras batay sa 35 aytem na nakalaan sa mismong baitang.

**Interbyu**. Naisagawa rin ng mananaliksik ang pag-interbyu sa mga batang kalahok upang mapatunayan at mapakinggan ang mga saloobin ng mga bata sa kabuuang markang natamo nila sa lahat ng asignatura. Ang pag-iinterbyu ay naisagawa noong Enero 1998 sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar.

## Ang Balidasyon ng Instrumento

Upang matuklasan ang pagkabalido ng pagsusulit sa pagbasang tahimik; ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Pampurok na Tagamasid at sa Punong guro ng Paaralang Elementarya ng Guinsorongan, Catbalogan, Samar na masubok ang pagsusulit sa pagbasang tahimik ng nasabing paaralan. Sinuri ang mga sagot.

Ipinagpakahulugan ng mananaliksik at tiniyak kung ano ang dapat gawin para sa ikabubuti ng pagsusulit. Tumulong din ang ilang mga guro na nagtuturo sa ikatlong baitang sa pagsuri ng pagsusulit. Nagbigay din ng mahahalagang suhestiyon ang tagapayo upang lalong mapabuti ang instrumentong ito; Pagkatapos marebisa at suriin ang bawat aytem ng pagsusulit, natuklasan na ang bawat aytem ay may 40%-70% na kahirapan at .30-.40 na diskriminasyon. Dahil dito, masasabing balido ang pagsusulit na binuo at inihanda upang ipamudmod sa mga batang kalahok na napili sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar.

**Ang Sampling/Pagpili ng mga Kalahok**

Sa pagpili ng mga kalahok, ginamit ng mananaliksik ang pasumalang pagpili o "random sampling". Ang bawat pangalan ng mga mag-aaral na galing sa apat na Purok ng Catbalogan ay isinulat sa mga maliliit na papel at inilagay sa isang kahon. Ang mananaliksik ay kumuha ng sapat na bilang sa pamamagitan ng pormula ni Sloven (Santos, 1998):

$$N = \frac{N}{1 + Ne2}$$

na kung saan:

n - ay ukol sa bilang ng mga sampol

**Talahanayan 1**

**Bilang ng mga Sampol na Napiling mga Batang Kalahok**

| Purok | Kabuuang Sampol na Batang Kalahok | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Catbalogan I | 35 | 25.00% |
| Catbalogan II | 35 | 25.00% |
| Catbalogan III | 35 | 25.00% |
| Catbalogan IV | 35 | 25.00% |
| Kabuuan | 140 | 100.00% |

N - ay ukol sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar

e - ay ukol sa antas ng pagpapahalaga

Makikita sa Talahanayan 1 ang bilang ng mga sampol na kalahok sa bawat Purok ng Catbalogan.

**Ang Paglikom ng mga Datos**

Bago naisagawa ang prosesong ito, ang mananaliksik ay humingi ng rekomendasyon sa Dekano ng Gradwadong Pag-aaral ng Kolehiyo ng Samar State Polytechnic. Sa pagpapatibay ng Tagapayo ay humingi rin siya ng kapahintulutang pasulat sa Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan, Sangay ng Samar. Pagkatapos, maaprubahan ng

Tagapamanihala ang permit para makapagsagawa ng pag-aaral; ang mananaliksik ay nagsadya ng personal sa apat na Purok ng Catbalogan upang makakuha rin ng permit mula sa apat na Pampurok na Tagamasid para makapagbigay ng pagsusulit sa pagbasang tahimik at makapamudmod rin ng talatanungan para sa mga batang kalahok na napili sa naturang pag-aaral.

Ang mananaliksik ang mismong nangasiwa sa pagbibigay ng pagsusulit sa pagbasang tahimik at ang bawat kopya ng pagsusulit ay may kalakip na sagutang papel. Sa inihandang sagutang papel, inilagay ng mga batang kalahok ang kanilang mga kasagutan dito. Pagkatapos malikom ang mga sagutang papel, iniwasto kaagad sinuri, pinaghambing ang mga resulta at itinala ang mga ito sa talahanayan.

Muling bumalik ang mananaliksik sa buwan ng Enero 1998 sa apat na Purok ng Catbalogan, at kanya ring ipinamahagi ang mga talatanungan ukol sa saloobin at sosyo-ekonomikong istatus ng mga batang kalahok. Habang sinasagot ng mga batang kalahok ang talatanungan, nagsagawa ang mananaliksik ng aktwal na pag-iinterbyu sa ilang mga batang kalahok. Kanyang nilikom ang mga talatanungan, sinuri ang mga kasagutan at itinalay sa mga talahanayan.

**Ang Paglalapat Estadistika ng Pag-aaral**

Ang mga nakuhang datos ay binigyan ng pagpapakahulugan sa pamamagitan ng estadistika. Ginamit ang bahagdan sa pagtataya ng mga iskor at tinuos ang mga tamtamang iskor sa bawat purok.

Upang matasa ang kaugnayan ng mga nakuhang iskor at iba pang datos; sinubok ang dalawang ipotesis sa pamamagitan ng dalawang pormula na nailahad sa ganitong paraan;

**Pearson-Product Moment Correlation o rxy**. Ito ay ginamit at tinuos sa pamamagitan ng pormula ni (Walpole, 1982).

$$Rxy = \frac{N\Sigma xy - (\Sigma x)\ (\Sigma y)}{\sqrt{\overset{\Sigma}{[N\Sigma x - (2x)]\ [N\sigma y - (\Sigma y)]}}}$$

na kung saan ang:

N - ay ukol sa kabuuang bilang ng mga iskor

Σx - ay ang kabuuang iskor sa unang panig

Σy - ay ang kabuuang iskor sa ikalawang panig

Σx2 - ay ang kabuuang iskor na "squared" sa unang panig

Σy2 - ay ang kabuuang iskor na "squared" sa ikalawang panig

**Fisher's t-value**. Ito ay ginamit upang matasa ang halaga ng nakuhang iskor sa rxy. Ang pormulang ginamit ay kay (Walpole, 1982):

$$\text{Fisher's t} = r\sqrt{\frac{N-2}{1-r}}$$

Na kung saan:

r - ay ang halaga ng nakuhang rxy

n - ay ang kabuuan ng mga iskor na tinasa

Ang dalawang ipotesis ay sinubok sa pamamagitan ng paggamit ng 0.05 na antas ng kahalagahan.

## Kabanata 4

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Inilahad sa kabanatang ito ang mga nakalap na datos na nilikom ng mananaliksik ng kasalukuyang pag-aaral. Masusi ring tinalakay ang kinalabasan ng tatlumpu't limang (35) aytem na pagsusulit sa pagbasang tahimik. Ang talatanungan na ipinamudmod, at ang aktwal na resulta ng interbyu na ginawa ay inilahad din ng mananaliksik.

Sinikap din sa pag-aaral na ito, ang siyasatin ang kaugnayan ng kakayahan sa pagbasang tahimik at ang kabuuang markang natamo ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang na nagmula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar.

Ang mga batang kalahok sa kasalukuyang pag-aaral ay isang daan at apatnapung (140) mag-aaral na nagmula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar. Napili ang mga batang kalahok batay sa pasumalang pagpili na personal na isinagawa ng mananaliksik. Nakakuha rin siya ng sapat na bilang ng mga kalahok sa tulong ng pormula si Sloven (Santos, 1998).

**Katangian ng mga Batang Kalahok Ayon sa Gulang at Kasarian**

Ang isang konkretong basehan at malinaw na pagsususuri ng mga datos ukol sa katangian ng mga batang kalahok ayon sa gulang at kasarian ay naibunyag sa tulong ng mga impormasyon na nagmula sa mga dokumentong pampaaralan kagaya ng Form 137 o "Permanent Record", Form 1 o "School Register", at Form 3 o "Principal's Report of Enrolment" na hiniram ng mananaliksik sa mga punongguro at mga guro ng mga paaralang kasangkot sa pag-aaral. Pinagkunan din ng datos ukol sa gulang at kasarian ang mga talatanungan na ipinamudmod ng mananaliksik sa mga batang kalahok. Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita na karamihan sa mga batang kalahok ay nasa gulang na 9. Ito ay pinatunayan ng mga tinuos na datos ayon sa gulang. 73 mga batang kalahok ang nasa gulang 9 na may bahagdan na 52.14%. Pangalawa ang gulang 8 na may 52 batang kalahok at bahagdan na 37.14%. Pangatlo ang gulang 10 na may 11 batang kalahok at bahagdan na 7.86%. Pang-apat ang gulang 11 na may 2 batang kalahok at bahagdan na 1.43%. At panghuli ang gulang 13 at 14 na kapwa may tig-iisang batang kalahok na parehong may bahagdan na 0.71%. At ang tamtamang iskor na bilang ay 8.8. Ito ay nangangahulugang karamihan sa mga mag-aaral sa Ikatlong Baitang na nagmula

sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar ay may eksaktong gulang para sa Ikatlong Baitang na antas. Kung ang isang mag-aaral ay nasa eksaktong gulang at tamang antas ng baitang na kinalalagyan hindi mahihirapang kaharapin ang iba't ibang pagsasanay o gawaing pampaaralan na ituturo ng kanilang guro dahil siya ay handa na para rito. Kumpara sa isang mag-aaral na nasa murang gulang at may katamtamang talino na naipasok sa mataas na antas ng baitang ay nahihirapang makipagsabayan sa kanyang mga kaklase na nasa eksaktong gulang. Dapat ipatala sa paaralan ang bata kung siya ay may kahandaan na upang mag-aral. Huwag pilitin ang bata na mag-aaral kung siya ay hindi pa handa upang hindi kaagad magsawa sa pag-aaral.

Batay sa tinuos na datos ayon sa kasarian, 79 na mga batang kalahok ay mga babae na may bahagdan na 56.43% at 61 ang mga batang kalahok na lalaki na may bahagdan na 43.57%. Nakuha ang mga datos na ito sa paraang pasumalang pagpili at talatanungang ipinamudmod. Ito ay nangangahulugang marami ang bilang ng mga batang babae na kalahok ang napili kumpara sa mga batang lalaking kalahok. Mas marami ang mga babae na nagpatala sa ikatlong baitang kaysa sa mga lalaki sa Taong Panuruan

**Talahanayan 2**

**Katangian ng mga Batang Kalahok Ayon sa Gulang at Kasarian**

| GULANG | KASARIAN | | | | KABUUANG Blg. | BAHAGDAN (%) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | LALAKI | | BABAE | | | |
| | Blg. | Bahagdan (%) | Blg. | Bahagdan (%) | | |
| 8 | 23 | 37.30 | 29 | 36.71 | 52 | 37.14 |
| 9 | 33 | 54.10 | 40 | 50.63 | 73 | 52.14 |
| 10 | 3 | 4.92 | 8 | 10.12 | 11 | 7.86 |
| 11 | 1 | 1.64 | 1 | 1.64 | 2 | 1.43 |
| 12 | - | - | - | - | - | - |
| 13 | 1 | 1.64 | - | - | 1 | 0.71 |
| 14 | - | - | 1 | 1.64 | 1 | 0.71 |
| Kabuuan | 61 | 100.00 | 79 | 100.00 | 140 | 100.00 |
| Bahagdan | 43.57% | - | 56.43% | - | 100.00% | - |
| Tamtamang Gulang | 8.8 | - | 8.8 | - | 8.8 | - |

1997-1998. Nahirapan ang mananaliksik na makakuha ng parehong bilang ng kasariang babae o lalaki dahil kaunti lamang ang mga batang lalaking nagpatala sa ikatlong baitang kaysa sa mga batang babae.

**Katangian ng mga Batang Kalahok Ayon sa Sosyo-Ekonomikong Istatus**

Makikita sa Talahanayan 3 ang katangian ng mga batang kalahok ayon sa sosyo-ekonomikong istatus ng kanilang pamilya. Ang nalikom na mga datos ukol sa sosyo-ekonomikong istatus ng pamilya ay nagmula sa mga

**Talahanayan 2**

**Katangian ng mga Batang Kalahok Ayon sa Gulang at Kasarian**

| GULANG | KASARIAN | | | | KABUUANG Blg. | BAHAGDAN (%) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | LALAKI | | BABAE | | | |
| | Blg. | Bahagdan (%) | Blg. | Bahagdan (%) | | |
| 8 | 23 | 37.30 | 29 | 36.71 | 52 | 37.14 |
| 9 | 33 | 54.10 | 40 | 50.63 | 73 | 52.14 |
| 10 | 3 | 4.92 | 8 | 10.12 | 11 | 7.86 |
| 11 | 1 | 1.64 | 1 | 1.64 | 2 | 1.43 |
| 12 | - | - | - | - | - | - |
| 13 | 1 | 1.64 | - | - | 1 | 0.71 |
| 14 | - | - | 1 | 1.64 | 1 | 0.71 |
| Kabuuan | 61 | 100.00 | 79 | 100.00 | 140 | 100.00 |
| Bahagdan | 43.57% | - | 56.43% | - | 100.00% | - |
| Tamtamang Gulang | 8.8 | - | 8.8 | - | 8.8 | - |

1997-1998. Nahirapan ang mananaliksik na makakuha ng parehong bilang ng kasariang babae o lalaki dahil kaunti lamang ang mga batang lalaking nagpatala sa ikatlong baitang kaysa sa mga batang babae.

**Katangian ng mga Batang Kalahok Ayon sa Sosyo-Ekonomikong Istatus**

Makikita sa Talahanayan 3 ang katangian ng mga batang kalahok ayon sa sosyo-ekonomikong istatus ng kanilang pamilya. Ang nalikom na mga datos ukol sa sosyo-ekonomikong istatus ng pamilya ay nagmula sa mga

talatanungang ipinamudmod ng mananaliksik. Sa unang kolum ng Talahanayan 3 ay hinati ito sa tatlong antas ng buwanang kita ng pamilya. Mula P5,000 pataas na buwanang kita ay kumakatawan sa mataas na sosyo-ekonomikong istatus; P3,500 hanggang P4,999 na buwanang kita ay kumakatawan sa katamtamang sosyo-ekonomikong istatus, P1,500 hanggang P3,499 na buwanang kita ay kumakatawan sa mababang sosyo-ekonomikong istatus ng pamilya. Batay sa tinuos na mga datos ukol sa sosyo-ekonomikong istatus ng mga batang kalahok ay narito ang kinalabasan ng pagtatasa.

Sa Purok ng Catbalogan I, 21 o 60.00 bahagdan ng mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may mataas na sosyo-ekonomikong istatus; 12 o 34.29 bahagdan ng mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may katamtamang sosyo-ekonomikong istatus; at 2 o 5.71 bahagdan ng mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may mababang sosyo-ekonomikong istatus.

Sa Purok ng Catbalogan II, 18 o 51.43 bahagdan ng mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may mataas na sosyo-ekonomikong istatus; 10 o 28.57 bahagdan ng mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may katamtamang sosyo-ekonomikong istatus; at 70 o 20.00

bahagdan ng mga batang kalahok na nabibilang sa pamilyang may mababang sosyo-ekonomikong istatus.

Sa Purok ng Catbalogan III, 15 o 42.86 bahagdan ng mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may mataas ang sosyo-ekonomikong istatus; 16 o 45.71 bahagdan ng mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may katamtamang sosyo-ekonomikong istatus; at 4 o 11.43 bahagdan ng mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may mababang sosyo-ekonomikong istatus.

Sa Purok ng Catbalogan IV, 28 o 80.00 bahagdan ng mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may mataas na sosyo-ekonomikong istatus; at 7 o 20.00 bahagdan ng mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may katamtamang sosyo-ekonomikong istatus.

Mula sa 140 na mga batang kalahok na nanggaling sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar; 82 ang nasa antas na may mataas na sosyo-ekonomikong istatus na may 58.77 na bahagdan; 45 ang nasa antas na may katamtamang sosyo-ekonomikong istatus na may bahagdan na 32.14; at 13 ang nasa antas na may mababang sosyo-ekonomikong istatus na nasa 9.29 na bahagdan. Kung sisiyasating mabuti malaking bahagdan ng mga batang kalahok; ang may mataas

Talahanayan 3

Katangian ng mga Batang Kalahok Ayon sa Sosyo-Ekonomikong Istatus

| Buwanang kita ng Pamilya | MGA PUROK | | | | | | | | KABUUAN | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Catb I | | Catb II | | Catb III | | Catb IV | | | |
| | Blg | % | Blg | % | Blg | % | Blg | % | Blg | % |
| Mataas na SES P5,000-pataas | 21 | 60 | 18 | 51.43 | 15 | 42.86 | 28 | 80 | 82 | 58.77 |
| Katamtamang SES P3,500 – P4,999 | 12 | 34.29 | 10 | 28.57 | 16 | 45.71 | 7 | 20 | 45 | 32.14 |
| Mababang SES P1,500-P3,499 | 2 | 5.71 | 7 | 20 | 4 | 11.43 | 0 | 0 | 13 | 9.29 |
| Kabuuan | 35 | 100 | 35 | 100 | 35 | 100 | 35 | 100 | 140 | 100 |

na sosyo-ekonomikong istatus at kaunting bahagdan ng mga batang kalahok ang may mababang sosyo-ekonomikong istatus. Ito ay nagpapakita na karamihan sa mga batang kalahok ay may mataas na sosyo-ekonomikong istatus.

**Katangian ng mga Batang Kalahok Ayon sa Saloobin Ukol sa Kabuuang Markang Natamo Nila.**

Makikita sa Talahanayan 4 ang tamtamang iskor ukol sa saloobin ng mga batang kalahok ayon sa kabuuang markang natamo nila sa ikatlong baitang. Ang tinuos na mga datos ng mga batang kalahok ayon sa saloobin ukol sa kabuuang markang natamo ay nagmula sa isinagawang interbyu at talatanungan na nalikom ng mananaliksik. Ang

talatanungan at interbyu ay may limang puntos na panukat (Five point scale).

Ang limang puntos na panukat na ginamit ng mananaliksik sa kasalukuyang pag-aaral ay ang mga sumusunod: LNS para sa sagot na Lubos na Sumasang-ayon na may kaukulang puntos na 4.51-5.00; S para sa sagot na Sumasang-ayon na may kaukulang puntos na 3.51-4.50; SNK para sa sagot na Sumasang-ayon nang Kaunti na may kaukulang puntos na 2.51-3.50; HS para sa sagot na Hindi Sumasang-ayon na may kaukulang puntos na 1.51-2.50; at LNHS para sa sagot na Lubos na Hindi Sumasang-ayon na may kaukulang puntos na 1.00-1.51.

Sa Purok ng Catbalogan I, 6 ang sumagot ng Lubos na Sumasang-ayon na may bahagdan na 17.41; 13 ang sumagot ng Sumasang-ayon na may bahagdan na 37.14; 16 ang sumagot ng Sumasang-ayon nang kaunti na may bahagdan na 45.71 at ang tamtamang iskor na 3.71 ay nangangahulugang ang mga batang kalahok sa Purok ng Catnalogan I ay Sumasang-ayon sa kabuuang markang natamo nila sa ikatlong baitang.

Sa Purok ng Catbalogan II, 8 ang sumagot ng Lubos na Sumasang-ayon na may bahagdang 22.86; 19 ang sumagot ng Sumasang-ayon na may bahagdang 54.29; 8 ang sumagot ng Sumasang-ayon nang kaunti na may bahagdang 22.86. Ang

kabuuang tamtamang iskor ay 4 ay nangangahulugang ang mga batang kalahok sa Purok ng Catbalogan II ay Sumasang-ayon sa kabuuang markang natamo nila sa ikatlong baitang.

Sa Purok ng Catbalogan III, 8 ang sumagot ng Lubos na Sumasang-ayon na may bahagdang 22.86; 16 ang sumagot ng Sumasang-ayon na may bahagdang 45.71; 8 ang sumagot ng Sumasang-ayon nang Kaunti na may bahagdang 22.86; at 3 ang sumagot ng Hindi Sumasang-ayon na may bahagdang 8.57. Ang tamtamang iskor na 3.8 ay nangangahulugang ang mga batang kalahok sa Purok ng Catbalogan III ay Sumasang-ayon sa kabuuang markang natamo nila sa ikatlong baitang.

Sa Purok ng Catbalogan IV, 2 ang sumagot ng Lubos na Sumasang-ayon na may bahagdang 5.71; 16 ang sumagot ng Sumasang-ayon na may bahagdang 45.71; 13 ang sumagot ng Sumasang-ayon nang kaunti na may bahagdang 37.14; at 4 ang sumagot ng Hindi Sumasang-ayon na may bahagdang 11.43. Ang tamtamang kabuuang iskor na 3.46 ay nangangahulugang may mga batang kalahok sa ilalim ng Purok ng Catbalogan IV ang Sumasang-ayon nang kaunti sa kabuuang markang natamo nila sa ikatlong baitang.

## Talahanayan 4

## Katangian ng mga Batang kalahok Ayon sa Saloobin Ukol sa Kabuuang Markang Natamo Nila

| Saloobin | MGA PUROK | | | | | | | | KABUUAN | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Catb I | | Catb II | | Catb III | | Catb IV | | | |
| | Blg | % | Blg | % | Blg | % | Blg | % | Blg | % |
| Lubos na Sumasang-ayon (LNS) 5 | 6 | 17.14 | 8 | 22.86 | 8 | 22.86 | 2 | 5.71 | 24 | 17.14 |
| Sumasang-ayon (S) 4 | 13 | 37.14 | 19 | 54.29 | 16 | 45.71 | 16 | 45.71 | 64 | 45.71 |
| Sumasang-ayon ng Kaunti (SNK) 3 | 16 | 45.71 | 8 | 22.86 | 8 | 22.86 | 13 | 37.14 | 45 | 32.14 |
| Hindi Sumasang-ayon (HS) 2 | | | | | 3 | 8.57 | 4 | 11.43 | 7 | 5.00 |
| Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LNHS) 1 | | | | | | | | | | |
| Kabuuan | 35 | 100 | 35 | 100 | 35 | 100 | 35 | 100 | 140 | 100 |
| Tamtamang Sagot | 3.71 (S) | | 4 (S) | | 3.8 (S) | | 3.46 (SNK) | | 3.75 (S) | |

Pinagmulan:

| Limang Puntos na Panukat | | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.51-5.00 | - | Lubos na Sumasang-ayon (LNS) |
| 3.51-4.50 | - | Sumasang-ayon (S) |
| 2.51-3.50 | - | Sumasang-ayon ng Kaunti (SNK) |
| 1.51-2.50 | - | Hindi Sumasang-ayon i (HS) |
| 1.00-1.50 | - | Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LNHS) |

Kung susuriin, pinakamarami ang bilang ng mga batang kalahok na sumasang-ayon sa markang natamo nila sa ikatlong baitang dahil sa 64 ang sumagot ng Sumasang-ayon na may pinakamataas na bahagdan na 45.71 kumpara sa ibang kasagutan na pinili ng ilang batang kalahok. Pangalawa, ang puntos na panukat na Sumasang-ayon nang Kaunti dahil 45 ang sumagot na may bahagdang 32.14. Pangatlo, ang puntos na panukat na Lubos na Sumasang-ayon dahil 24 ang sumagot na may bahagdang 17.14 at 7 ang sumagot sa puntos na panukat na Hindi Sumasang-ayon na may bahagdang 5.00. Walang batang kalahok ang sumasagot sa puntos na panukat na Lubos na Hindi Sumasang-ayon. Sa kabuuang, 140 na mga batang kalahok sa kasalukuyang pag-aaral na nagmula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar ay nagpakita nang saloobin na Sumasang-ayon sa Kabuuang Markang natamo nila sa ikatlong baitang na may tamtamang iskor na 3.75.

**Markang Natamo ng mga Batang Kalahok sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik**

Inilahad sa Talahanayan 5 ang resulta ng 35 aytem na pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasang tahimik. 140 na mga batang kalahok na nag-aaral sa ikatlong baitang na nag-mula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar ang binigyan ng pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasang tahimik.

Ang mga marka sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ay hinati sa tatlo. Mula 97 hanggang 93 na marka ay nagpapahayag nang mataas na kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik; ang mga marka mula 88 hanggang 84 ay nagpapahayag ng katamtamang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik; at ang mga marka mula 79 hanggang 75 ay nagpapahayag nang mababang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik.

Sa Purok ng Catbalogan I, 87.89 ang tamtamang markang nakuha ng mga batang kalahok sa pag-unawa sa pagbasang tahimik. Ito ay nangangahulugang, ang mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng nasabing purok ay may katamtamang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik.

Sa Purok ng Catbalogan II, 89.43 ang tamtamang markang nakuha ng mga batang kalahok sa pag-unawa sa pagbasang tahimik. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng nasabing purok ay may mataas na antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik.

Sa Purok ng Catbalogan III, 87.46 ang tamtamang markang nakuha ng mga batang kalahok sa pag-unawa sa pagbasang tahimik. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng nasabing purok ay may

katamtamang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik.

Sa Purok ng Catbalogan IV 83.51 ang tamtamang markang nakuha ng mga batang kalahok sa pag-unawa sa pagbasang tahimik. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng nasabing purok ay may katamtamang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik.

Mula sa apat na purok na binigyan ng pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasang tahimik; ang Purok ng Catbalogan II ang nagtamo ng pinakamataas na tamtamang markang 89.43; pangalawa ang Purok ng Catbalogan I sa markang 87.89; pangatlo ang Purok ng Catbalogan III sa markang 87.89; at pang-apat ang Purok ng Catbalogan IV sa markang 83.51. Sa kabuuan, ang 140 na mga batang kalahok na binigyan ng pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ay may katamtamang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ay mula sa tamtamang markang 87.07 na nagmula sa tinuos na mga datos para sa nasabing kakayahan.

**Talahanayan 5**

**Markang Natamo ng mga Batang Kalahok sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik**

| Antas ng Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik | Marka | Mga Purok | | | | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Catb I | Catb II | Catb III | Catb IV | |
| Mataas na Antas | 97-99 | 5 | 2 | 5 | 1 | 13 |
| | 94-96 | 5 | 4 | 5 | - | 14 |
| | 91-93 | 3 | 14 | 3 | 3 | 23 |
| Katamtamang Antas | 88-90 | 3 | 6 | 4 | 2 | 15 |
| | 85-87 | 6 | 3 | 3 | 11 | 23 |
| | 82-84 | 7 | 2 | 6 | 4 | 19 |
| Mababang Antas | 79-81 | 3 | - | 5 | 6 | 14 |
| | 76-78 | 3 | 4 | 4 | 7 | 18 |
| | 73-75 | - | - | - | 1 | 1 |
| Kabuuan | - | 35 | 35 | 35 | 35 | 140 |
| Tamtamang Marka | - | 87.89 | 89.43 | 87.46 | 83.51 | 87.07 |

<u>Kaugnayan ng Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik ng mga Batang Kalahok at Kasangkot na mga Baryabol</u>

Makikita sa Talahanayan 6 ang resulta ng tinuos na pormulang Pearson r at Fisher's t test. Ang tunay na kaugnayan ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok at ng mga kasangkot na mga baryabol ay may kinalaman sa katangian ng huli. Sa unang kolum ng

talahanayan ay matatagpuan ang kasangkot na mga baryabol na gulang, kasarian, sosyo-ekonomikong istatus at saloobin ng mga batang kalahok.

Batay sa tinuos na mga datos, ang Pearson r na gulang ay -0.112, ang Fisher's t-value ay -.1324 at ang Tabular t-value ay 1.645. Ito ay nangangahulugang tanggapin ang ipotesis na "walang kaugnayan ang gulang sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok na nasa ikatlong baitang". Ang isang bata na maagang nalantad sa mga aklat at mga babasahing may kinalaman sa pagbasa at ayon na rin sa antas ng kahandaan sa pag-aaral o interes ng batang matuto ay madali niyang makakamit ang kasanayang nabanggit kaysa sa batang nasa wastong gulang ngunit hindi maagang nalantad sa mga aklat at babasahin at maaaring kulang ng paghihikayat at suporta sa panig ng magulang.

Ang tinuos na Pearson r na kasarian ay -.0068, ang Fisher's t-value ay -0.801 at ang Tabular t-value ay 1.645. Ito ay nangangahulugang tanggapin ang ipotesis na walang kaugnayan ang kasarian sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok na nasa ikatlong baitang. Walang kaugnayan ang kasarian sa

kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok babae man o lalaki ang kasarian. Makakamit ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik sa tulong ng pansuportang moral at pinansyal ng kanilang mga magulang; interes, malasakit at tiyaga ng mag-aaral sa kanyang pag-aaral. Tungkulin naman ng guro na bigyan ang mga mag-aaral ng mga gawaing pangkatan, pang-upuan o mga pagsasanay na magpapayabong sa kakahayan ng kanyang mga batang tinuturuan at higit sa lahat ang pantay na pagtingin ng guro sa kanyang mga batang tinuturuan. Mahirap man ang bata o mayaman ay dapat lingapin at bigyan ng pantay na edukasyon. Ang tinuos na Pearson r na sosyo-ekonomikong istatus ay -0.063, ang Fisher's t-value ay -0.742, at ang Tabular t-value ay 1.645, kung titingnan ang mga tinuos na datos ayon sa sosyo-ekonomikong istatus ay may mababang kaugnayan. Kung kaya't ito ay nangangahulugang ang ipotesis ay tanggapin na "walang kaugnayan ang sosyo-ekonomikong istatus ng mga batang kalahok sa kanilang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik." Ang mga bata o mag-aaral sa kasalukuyang panahon ay makakamit ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik kung sila ay magsisikap sa pag-aaral. Hindi hadlang ang kahirapan sa pag-aaral at sa

buhay. Gayunpaman, hindi rin hadlang ang kakulangan ng mga biswal na materyal gaya ng mga sanayang-aklat at mga babasahin kung ang mga mag-aaral ay masipag, malikhain at maagap.

Ang tinuos na Pearson r na saloobin ng mga batang kalahok ay 0.565; ang Fisher's t-value ay 8.044 at ang tabular t-value ay 1.645. Ito ay nangangahulugang ang ipotesis ay tanggihan sa dahilang "may makabuluhang kaugnayan ang saloobin ng mga batang kalahok sa kabuuang markang natamo nila sa ikatlong baitang kumpara sa kanilang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik". Ang mga mag-aaral na may positibong saloobin sa pag-aaral ay malimit na nakakakuha ng mataas na kabuuang marka kumpara sa mga mag-aaral na may negatibong saloobin sa pag-aaral. Ang isang konkretong kadahilanan nito ay malalim na naikintal sa kaisipan ng mga mag-aaral ang positibong saloobin sa pag-aaral sa tulong ng tiwala sa sarili; na sila ay naniniwala na kaya nilang matamo ang anumang gawaing iatang sa kanila ng kanilang mga guro. Ang mga mag-aaral na may negatibong saloobin sa pag-aaral ay dapat pahalagahan ng kanilang magulang sa bahaging moral upang mabago ang kanilang kaisipan ukol sa pag-

Talahanayan 6

**Kaugnayan ng Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik ng mga Batang Kalahok at ng Kasangkot na mga Baryabol**

| Baryabol | Computed o Tinuos na Peardon r | Fisher's t-value | Tabular t-value | Desisyon |
|---|---|---|---|---|
| Gulang | -0.112 | -1.324 | 1.645 | Tanggapin ang ipotesis |
| Kasarian | -0.068 | -0.801 | 1.645 | Tanggapin ang ipotesis |
| Sosyo-Ekonomikong Istatus | -0.063 | -0.742 | 1.645 | Tanggapin ang ipotesis |
| Saloobin ng mga batang kalahok | 0.565 | 8.044 | 1.645 | Tanggapin ang ipotesis |

aaral. Para sa mga guro, dapat na maging maunawain upang mahikayat ang mga mag-aaral na may negatibong saloobin na mahikayat mag-aral nang mabuti.

**Kabuuang Markang Natamo ng mga Batang Kalahok sa Lahat ng Asignatura**

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng kabuuang markang natamo ng mga batang kalahok sa ikatlong baitang sa Taong Panuruan 1997-1998. Ang pinagkunang datos para sa kabuuang marka ng mga batang kalahok ay nagmula sa aktwal na BPS Form 138 o "Report Card" ng mga bata. Batay sa pagsusuri, sa kabuuang 140 na mga batang kalahok na

nagmula sa apat sa Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar; 3 mag-aaral ang nabigyan ng kabuuang markang nasa bahaging 88-89 na siyang pinakamataas na kabuuang markang natamo sa ikatlong baitang ng nasabing taong panuruan. 19 ang nakakuha ng kabuuang markang nasa bahaging 86-87; 56 ang nakakuha ng kabuuang markang nasa bahaging 84-85; 32 ang nakakuha ng kabuuang markang nasa bahaging 82-83; 20 ang nakakuha ng kabuuang markang nasa bahaging 80-91; 9 ang nakakuha ng kabuuang markang nasa bahaging 78-79; at 1 ang nakakuha ng kabuuang markang nasa bahaging 76-77. Kung sisiyasatin, karamihan sa mga batang kalahok ay nakakuha ng kabuuang markang nasa lebel na 84-85; pangalawa ang kabuuang markang 82-83; pangatlo ang kabuuang markang 80-81 at pang-apat ang kabuuang markang 86-87.

Sa Purok ng Catbalogan I ang kabuuang markang natamo ng mga batang kalahok sa lahat ng asignatura ay may tamtamang marka na 83.24; sa Purok ng Catbalogan II ang kabuuang markang natamo ng mga batang kalahok sa lahat ng asignatura ay may tamtamang markang 84.84; sa Purok ng Catbalogan III ang kabuuang markang natamo ng mga batang kalahok sa lahat ng asignatura ay may tamtamang markang 83.64, at sa Purok ng Catbalogan IV ang kabuuang markang

natamo ng mga batang kalahok sa lahat ng asignatura ay may tamtamang markang 81.81. Sa kabuuan, ang tamtamang marka ng apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar ay 83.30. Ito ay nangangahulugang karamihan sa mga batang kalahok sa ikatlong baitang ay nagtamo ng katamtamang marka o antas ng marka batay sa kinalabasan at tinuos na mga datos.

Ang mga batang kalahok na nakakuha ng mataas na marka sa kabuuang marka ay nagpakita ng hayagang pagpupursige at tiyaga sa pag-aaral kaya sila nakakuha ng inaasahang mataas na marka sa lahat ng asignatura para sa ikatlong baitang. Ang mga mag-aaral na nakakuha ng katamtamang marka o antas ng kabuuang marka ay maaaring hindi masyadong namaster ang ilang kasanayan sa pag-aaral ng iba't ibang asignatura, kaya natamo nila ang nasabing mga marka. Ang mga mag-aaral na nakakuha ng mababang marka o antas ng kabuuang marka sa lahat ng asignatura dahil sa kanilang palaging pagliliban sa klase, sakit na natamo, kakulangan ng mga sanayang aklat batay sa interbyung ginawa ng mananaliksik.

Talahanayan 7

**Kabuuang Markang Natamo ng mga Batang Kalahok sa Lahat ng Asignatura**

| Kabuuang Marka | Mga Purok | | | | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|
| | Catb I | Catb II | Catb III | Catb IV | |
| 88-89 | - | 3 | - | - | 3 |
| 86-87 | 4 | 11 | 3 | 1 | 19 |
| 84-85 | 14 | 12 | 22 | 8 | 56 |
| 82-83 | 8 | 8 | 4 | 12 | 32 |
| 80-81 | 9 | - | 4 | 7 | 20 |
| 78-79 | - | 1 | 2 | 6 | 9 |
| 76-77 | - | - | - | 1 | 1 |
| Kabuuan | 35 | 35 | 35 | 35 | 140 |
| Tamtamang Marka | 83.24 | 84.84 | 83.64 | 81.81 | 83.39 |

**Kaugnayan ng Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik ng mga Batang Kalahok at ang Kabuuang Markang Natamo sa Lahat ng Asignatura**

Makikita sa Talahanayan 8 ang kinalabasan ng mga tinuos na datos ukol sa kaugnayan ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik na kinumpara sa kabuuang markang natamo sa lahat ng asignatura ng mga batang kalahok na nag-aaral sa ikatlong baitang mula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar. Sa tulong ng

pagtuos ng dalawang pormula na Pearson r at Fisher's t-value ay lumabas ang totoong resulta ng pag-aaral.

Ang Purok ng Catbalogan I ay may tinuos na Pearson r na 0.902 ang Fisher's t-value ay 12.002 at ang Tabular t-value ay 1.699. Ito ay nangangahulugang dapat tanggihan ang ipotesis dahil sa may makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok at ang kanilang kabuuang markang natamo sa lahat ng asignatura sa Purok ng Catbalogan I".

Ang Purok ng Catbalogan II ay may tinuos na Pearson r na 0.671, ang Fisher's t-value ay 5.199 at ang Tabular t-value ay 1.699. Ito ay nangangahulugang dapat tanggihan ang ipotesis ay tanggihan dahil sa "may makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok at ang kanilang kabuuang markang natamo sa lahat ng asignatura sa ikatlong baitang sa Purok ng Catbalogan II".

Ang Purok ng Catbalogan III ay may tinuos na Pearson r 0.686, ang Fisher's t-value ay 5.416 at ang Tabular t-value ay 1.699. Ito ay nangangahulugang dapat tanggihan ang ipotesis dahil sa may "makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok at ang kanilang kabuuang markang natamo sa lahat

ng asignatura sa ikatlong baitang sa Purok ng Catbalogan III."

Ang Purok ng Catbalogan IV ay may tinuos na Pearson r 0.597, ang Fisher's t-value ay 4.275 at ang Tabular t-value ay 1.699. Ito ay nangangahulugang dapat tanggihan ang ipotesis dahil sa "may makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok sa kabuuang markang natamo sa lahat ng asignatura sa ikatlong baitang sa Purok ng Catbalogan IV."

Sa kabuuan, ang tinuos na mga datos ng apat na Purok ng Catbalogan, ay may Pearson r na 0.733, ang Fisher's t-value ay 12.659 at ang Tabular t-value ay 1.645. Ito ay nangangahulugang dapat tanggihan ang ipotesis sa dahilang may makabuluhang kaugnayan ang "kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok at ang kabuuang markang natamo sa lahat ng asignatura sa ikatlong baitang mula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar." Ito ay nagpapatunay na masusing nalinang ang kanilang kakayahan sa pagbasa at nakatulong nang malaki sa kanilang pag-aaral upang makakuha ng mataas na kabuuang marka. Samantalang, ang mga mag-aaral na may katamtamang kakayahan sa pagbasa ay nakakuha rin ng katamtamang antas ng kabuuang marka. Ito ay nagpapakahulugang may mga

kasanayan sa iba't ibang asignatura na hindi gaanong namaster ng mga mag-aaral na nasa ganitong lebel. Ang mga mag-aaral na mahinang bumasa ay nakakuha rin ng mababang marka. Dahil ang kahinaan sa pagbasa ay isang sagwil sa kakayahan ng mga mag-aaral upang matamo ang iba't ibang asignatura. Nararapat lamang na bigyang pansin ng mga guro at mga magulang ang kahinaang ito ng mga mag-aaral na nakakuha ng mababang antas ng kakayahan sa pagbasa. Dapat isailalim ang mga mag-aaral sa isang balanseng pampaaralang programa na nakasandal sa paggamit ng mga materyal at epektibong mga estratehiya sa pagtuturo. Katulad ng paglinang sa kakayahang pangwika ng mga bata at kakayahan sa pagbasa. Ang instruksyon ay dapat nagsisimula sa pagtuturo ng mga wastong pagbigkas ng mga letra, kasunod ang pagtuturo ng mga salita, bokabularyo at komprehensyon upang tulungan ang mga mag-aaral na matuto ng iba't ibang uri ng paraan sa pagbasa. Ang isang komprehensibong panlunas na pagbasa ay isa ring mabisang lunas upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, lalo na kung araw-araw na isinasagawa ng guro ang pamaraang ito pagkatapos ng klase.

Talahanayan 8

**Kaugnayan ng Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik ng mga Batang Kalahok at ang Kabuuang Markang Natamo sa Lahat ng Asignatura**

| Mga Purok | Tinuos na Pearson r | Tinuos na Fisher's t-value | Tabular t-value | Desisyon |
|---|---|---|---|---|
| Catbalogan I | 0.902 | 12.002 | 1.699 | Tanggihan ang ipotesis |
| Catbalogan II | 0.671 | 5.199 | 1.699 | Tanggihan ang ipotesis |
| Catbalogan III | 0.686 | 5.416 | 1.699 | Tanggihan ang ipotesis |
| Catbalogan IV | 0.597 | 4.275 | 1.699 | Tanggihan ang ipotesis |
| Kabuuan | 0.733 | 12.659 | 1.645 | Tanggihan ang ipotesis |

May mga mag-aaral na may negatibong saloobin sa pagbasa kaya nahihirapan silang maiangat ang kanilang kakayahan sa kasanayang nabanggit. Nararapat na itatak ng mga guro sa kaisipan ng mga mag-aaral na may negatibong saloobin sa pagbasa, na ito ay madali ring matutunan kagaya ng pagsakay ng bisikleta o paglalaro ng piko kung sila ay palaging nagsasanay sa pagbabasa maging sa loob ng paaralan at maging sa kanilang mga pamamahay. Ang mga magulang ng mga mag-aaral na may ganitong kahinaan sa pagbasa ay dapat tulungan ang kanilang mga anak sa

bahaging moral at pinansyal. Kailangan ang masidhing gabay ng mga magulamg sa pagsasanay sa pagbasa ng kanilang mga anak upang madaling mapaunlad ang kakayahan ng kanilang mga anak sa pagbasa. Huwag gawing panakot ang pamalo upang ang bata ay matutong magbasa. Hikayatin ang mga bata na matutong magbasa sa mga paraang mahinahon at kaaya-aya para sa kanilang gulang. Huwag iatang ang lahat ng responsibilidad sa mga guro. Ang mga guro ay gabay ng mga mag-aaral sa loob ng paaralan samantala ang mga magulang naman ang pamatnubay sa kanilang mga tahanan. Ang personal na kalinga ng mga magulang ay kailangan ng mga anak. Sa ganitong estratehiya napakaimposible na ang bata na may maalalahaning mga magulang ay hindi matututong bumasa. Ngunit, mayroon naman talagang mga mag-aaral na may seryosong kapansanan sa pagbasa. Ang mga ganitong kaso ay dapat ikunsulta ng mga magulang sa mga taong eksperto kagaya ng mga doktor at mga taong may espesyalisasyon sa pagbasa upang malutas ang problema at matulungan ang kanilang mga anak na malinang mabuti ang kakayahan sa pagbasa.

**Kabanata 5**

# PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT MGA REKOMENDASYON

Sa kabanatang ito ay inilalahad ang lagom ng kinalabasan, mga konklusyon at mga rekomendasyon batay sa pag-aaral na isinagawa ng mananaliksik.

## Lagom ng Kinalabasan

Narito ang lagom ng kinalabasan ng pag-aaral:

1. Natuklasan sa pag-aaral na ito na karamihan sa mga batang kalahok ay nasa gulang na 9. Ito ay pinatunayan ng mga tinuos na datos ayon sa gulang. Mula sa 140 na mga batang kalahok, 73 ang may gulang na 9, na siyang pinakamataas na bahagdan sa iskor na 52.14. At ang tamtamang iskor na gulang ng mga batang kalahok na nagmula sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar ay 8.8.

2. batay sa tinuos na datos ayon sa kasarian, mula sa 140 na mga batang kalahok ay 79 ang mga batang kalahok na ang kasarian ay babae na may bahagdan na 56.43 samantalang 61 ang mga batang kalahok na ang kasarian ay lalaki na may bahagdan na 43.57. Ito ay nakuha sa pasumalang pagpili na isinagawa ng mananaliksik. At mas marami ang mga batang babae na nagpatala sa ikatlong

baitang kaysa sa mga batang lalaki sa Taong Panuruan 1997-1998.

3. Mula sa 140 na mga batang kalahok na nanggaling sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar ay 82 ang mga batang kalahok na nabibilang sa pamilyang may mataas na sosyo-ekonomikong istatus na may bahagdan na 58.77. 45 na mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may katamtamang sosyo-ekonomikong istatus na may bahagdan na 32.14, at 13 na mga batang kalahok ang nabibilang sa pamilyang may mababang sosyo-ekonomikong istatus na may bahagdan na 9.29. Sa kabuuan, mas marami ang mga batang kalahok na nabibilang sa mga pamilyang may mataas na sosyo-ekonomikong istatus.

4. Ang 140 na mga batang kalahok na nanggaling sa apat na Purok ng Catbalogan, Sangay ng Samar ay may saloobin na Sumasang-ayon sa kabuuang markang natamo nila sa ikatlong baitang na batay sa kabuuang tamtamang iskor na 3.75 puntos na panukat na ang kahulugan ay Sumasang-ayon.

5. Mula sa apat na Purok ng Catbalogan na binigyan ng pagsusulit sa pagbasang tahimik ang mga batang kalahok na nag-aaral sa Purok ng Catbalogan II ang nagtamo ng pinakamataas na tamtamang markang 89.43; pangalawa, ang

mga batang kalahok na nag-aaral sa Purok ng Catbalogan I sa tamtamang markang 87.89; pangatlo, ang mga batang kalahok na nag-aaral sa Purok ng Catbalogan III sa tamtamang markang 87.46; at pang-apat, ang mga batang kalahok na nag-aaral sa Purok ng Catbalogan IV na may tamtamang markang 83.51. Sa kabuuan, ang 140 na mga batang kalahok na binigyan ng pagsusulit sa pagbasang tahimik ay may tamtamang antas ng bahagdan na 87.07. Ang resultang ito ay nagmula sa tinuos na mga datos para sa nasabing kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik.

6. Ang mga kasangkot na baryabol na gulang, kasarian, sosyo-ekonomikong istatus, at saloobin ng mga batang kalahok ay napasailalim sa dalawang pormula sa Pearson-Product Moment Correlation Coefficient o rxy at Fisher's t-value upang lumabas ang mga katotohanang resulta. Mula sa mga tinuos na datos na mga baryabol at resulta sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ay lumitaw ang sumusunod na mga resulta: ang tinuos na datos sa baryabol na gulang ay may Pearson r na -0.112, ang Fisher's t-value ay -1.324 at ang Tabular t-value ay 1.645. Ito ay nangangahulugang tinatanggap ang ipotesis na "walang makabuluhang kaugnayan ang gulang sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok

na nasa ikatlong baitang." Ang isang bata na may murang gulang na maagang nalantad sa mga aklat at mga babasahin na may kinalaman sa pagbasa, antas ng kahandaan o interes ay madaling matatamo ang kasanayan sa pagbasang tahimik kumpara sa mga batang nasa wastong gulang para mag-aral ngunit maagang nalantad sa mga aklat at mga babasahin at walang interes sa pag-aaral.

7. Ang tinuos na datos na baryabol na kasarian ay may tinuos na Pearson r na -0.068, ang Fisher's t-value ay -0.0801, at ang Tabular t-value ay 1.645. Ito ay nangangahulugang tinatanggap ang ipotesis na "walang makabuluhang kaugnayan ang kasarian ng mga batang kalahok sa kanilang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik." Babae o lalaki ang kasarian ng isang mag-aaral ay matatamo ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik sa pamamagitan ng kahandaan, tama o positibong saloobin sa pagbasa, at sariling interes o kagustuhan ng batang mag-aaral na matuto, pansuportang moral at pinansyal ng kanyang mga magulang. Tungkulin naman ng guro na bigyan ang kanyang mga mag-aaral ng mga gawaing pangkatan, mga pagsasanay na magpapayabong sa kakayahan sa pagbasa ng kanyang mga tinuturuan at ang pantay na trato ng guro sa

kanyang mga mag-aaral, lalaki man o babaeng mag-aaral ay dapat bigyan ng pantay na edukasyon.

8. Ang tinuos na datos ayon sa baryabol na sosyo-ekonomikong istatus ay may Pearson r na -0.063, ang Fisher's t-value ay -0.742, at ang Tabular t-value ay 1.645. Ito ay nangangahulugang tinatanggap ang ipotesis na "walang makabuluhang kaugnayan ang sosyo-ekonomikong istatus ng mga batang kalahok sa ikatlong baitang kumpara sa kanilang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik."

9. Ang tinuos na datos na baryabol na saloobin ay may Pearson r na 0.565, ang Fisher's t-value ay 8.044, at ang Tabular t-value ay 1.645. Ito ay nangangahulugang dapat tanggihan ang ipotesis na "may makabuluhang kaugnayan ang saloobin ng mga batang kalahok sa kabuuang markang natamo nila sa ikatlong baitang kumpara sa kanilang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik."

Sa Purok ng Catbalogan I, ang kabuuang markang natamo ng mga batang kalahok sa lahat ng asignatura ay may tamtamang markang 83.24; Sa Purok ng Catbalogan II ang kabuuang markang natamo ng mga batang kalahok sa lahat ng asignatura ay may tamtamang marka na 84.84; sa Purok ng Catbalogan III ang kabuuang markang natamo ng mga batang kalahok sa lahat ng asignatura ay may

tamtamang markang 83.64; at sa Purok ng Catbalogan IV ang kabuuang markang natamo ng mga batang kalahok sa lahat ng asignatura ay may tamtamang markang 81.81; sa kabuuan, ang tamtamang marka ng mga batang kalahok ayon sa kabuuang markang natamo sa lahat ng asignatura ay 83.39. Ito ay nangangahulugang karamihan sa mga batang kalahok sa ikatlong baitang ay nagtamo ng katamtamang marka o antas ng kabuuang marka batay sa kinalabasan at tinuos na mga datos. Ang mga batang kalahok na nakakuha ng mataas na kabuuang marka ay nagpakita ng hayagang pagpupursige at tiyaga sa pag-aaral kaya sila ay nakakuha ng inaasahang mataas na kabuuang marka sa lahat ng asignuta para sa ikatlong baitang. Ang mga batang kalahok na nakukuha ng katamtamang kabuuang marka ay maaaring hindi masyadong namaster ang ilang kasanayan sa pag-aaral ng iba't ibang asignatura, kaya ang natamo nilang kabuuang marka ay nasa antas na katamtaman lamang. May mga mag-aaral na nakakuha ng mababang marka o mababang kabuuang marka sa lahat ng asignatura dahil sa negatibong saloobin sa pagbasa, mahinang bumasa palaging lumiliban sa klase, nagkakasakit palagi, kawalan ng interes sa pag-aaral, kulang sa superbisyon ng magulang at kakulangan ng sanayang-aklat.

10. Batay naman sa tinuos na mga datos ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok at ang kabuuang markang natamo sa lahat ng asignatura narito ang kinalabasan. Ang tinuos na Pearson r ay 0.733, ang tinuos na Fisher's t-value ay 12.659 at ang Tabular t-value ay 1.645. Ito ay nangangahulugang di-tanggapin ang ipotesis sa dahilang "may makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga batang kalahok at ang kabuuang markang natamo nila sa lahat ng asignatura." Ito ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral na masusing nalinang ang kakayahan sa pagbasa ay nakatulong nang malaki sa kanilang pag-aaral upang makakuha ng mataas na kabuuang marka sa ikatlong baitang. Samantala, ang mga mag-aaral na may katamtamang kakayahan sa pagbasa ay nakakuha ng katamtamang marka o kabuuang marka sa ikatlong baitang. Ito ay nagpapakahulugang may mga kasanayan sa iba't ibang asignatura na hindi gaanong namaster ng mga mag-aaral na nasa ganitong lebel o antas. Sa kabilang dako ang mga mag-aaral na mahinang bumasa ay nakakuha ng mababang kabuuang marka dahil ang kanilang kahinaan sa pagbasa ay naging sagwil sa kakayahan ng mga mag-aaral na dapat maalis upang matamo nang lubusan ang

iba't ibang kasanayan na dapat nilang matutunan sa iba pang asignatura.

**Konklusyon**

Batay sa sinundang kinalabasan, nabuo ang sumusunod na mga konklusyon:

1. Ang pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasang tahimik na binuo ng mananaliksik ay mabisa. Gumamit ang mananaliksik ng mga terminolohiya sa binuong pagsusulit na naaakma sa kakayahang pangkaisipang lebel ng mga mag-aaral na nasa ikatlong baitang at batay na rin sa resulta ng isinagawang pag-aaral.

2. Ang katayuan sa buhay o sosyo-ekonomikong istatus ng mga mag-aaral ay hindi dapat gawing basehan o batayan ng mga guro sa pagbibigay ng kabuuang marka.

3. May mga mag-aaral sa ikatlong baitang ang hindi lubusang natamo ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik dahil sa kanilang mga negatibong saloobin sa pagbasa kung kaya't nahihirapan silang maiangat ang kanilang kakayahan sa pagbasang tahimik.

4. May pangangailangan na dapat bigyan ng atensyon ang kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo o mga instruksyonal na materyal ukol sa pagtuturo ng pag-unawa sa pagbasang tahimik.

5. May pangangailangan na dapat pang madagdagan ang kaalaman sa pagtuturo ng pagbasa ng mga guro lalo na ang mga bagong guro na nasa unang taon ng kanilang pagtuturo.

6. Malaki ang tungkuling ginagampanan ng mga magulang sa kanilang mga anak, lalo na sa ikauunlad ng kakayahan ng kanilang mga anak sa pagbasa at sa iba pang mga gawaing pampaaralan.

## Rekomendasyon

Batay sa mga kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral, ang sumusunod ay nagsilbing mga tagubilin:

1. Inirerekomenda ng mananaliksik na ang kanyang binuong pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ay gamiting instrumento na pansanayan sa pagtasa sa pag-unawa sa pagbasang tahimik ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang.

2. Kailangang iparamdam ng mga guro sa mga mag-aaral na nasa mababang sosyo-ekonomikong istatus na sila ay may puwang sa kanilang paaralan katulad ng kanilang mga kaklase na nasa mataas at katamtamang sosyo-ekonomikong istatus. Bigyan sila ng kaukulang pantay na pagpapahalaga sa pagtuturo. Dapat na pantay din ang pagbibigay ng sanayang aklat upang ang lahat ng mga mag-aaral ay malinang ang kanilang kakayahan sa pagbasa.

3. Nararapat na itatak ng mga guro sa kaisipan ng mga mag-aaral na may negatibong saloobin sa pagbasa na ang pagbasa ay madali ring matutunan kagaya ng mga gawaing nakalilibang, pagsakay sa bisikleta at paglalaro ng piko, kapag nakasanayan na ang pagbabasa sa loob ng paaralan at maging sa kanilang pamamahay ay aangat ang kanilang kakayahan sa pagbasa. Ang mga magulang na may mga anak na nag-aangkin ng negatibong saloobin sa pagbasa ay dapat tulungan ang kanilang mga anak hindi lamang sa bahaging materyal o pinansyal kundi pati na rin sa bahaging moral. Kailangan ang masusing gabay ng mga magulang sa pagsasanay sa pagbasa ng kanilang mga anak sa loob ng kani-kanilang tahanan.

4. Dapat parangalan o bigyan ng karampatang pagkilala o insentibo ng mga kinauukulan ang mga guro na nakakatuklas ng mga mabisang estratehiya sa pagtuturo at mga bagong imbensyon na kagamitang pampagtuturo o instruksyonal na materyal sa pagtuturo ng pag-unawa sa pagbasang tahimik upang ang mga guro ay mahikayat na lalong magsipag at maging inspirado na makabuo ng mga instrukyonal na materyal namay kinalaman sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasang tahimik.

5. Hikayatin ang mga guro na kumuha o mag-aral sa degring master o doctoral lalo na sa Filipino at Pagbasa upang lalong mahasa ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng pagbasa.

6. Dapat magkaroon ng isang regular na pagpupulong ang mga guro, opisyales ng mga paaralan, mga magulang ukol sa kapakanan ng mga mag-aaral.

7. Ang kasalukuyang pag-aaral ay magsilbing kaugnay na literatura o pag-aaral para sa iba pang pag-aaral na may kinalaman sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasang tahimik.

# TALASANGGUNIAN

## A. MGA AKLAT


Aragon, Angelita et al. Filipino Serye 4 Batayang-Sanayang Aklat sa Pagbasa para sa Ikatlong Baitang Bagong Filipino sa Puso at Diwa. Metro Manila: Vibal Publishing House Inc., Unang Edisyon, 1989.

Aragon, Angelita et al. Filipino Serye 4 Batayang-Sanayang Aklat sa Pagbasa para sa Ikaapat na baitang Bagong Filipino sa Puso at Diwa. Metro Manila: Vibal Publishing House Inc., Unang Edisyon, 1990.

Bamman, Henry A. Teaching Techniques and Teaching Vocabulary. California: World Book Encyclopedia, Inc., 1986.

Belvez, Paz M. Ang Guro at ang Sining ng Pagtuturo. Puno ng Kagawarang Filipino, Dalubhasang Normal ng Pilipinas, Metro Manila: 1982.

Belvez, Paz M. Gamiting Filipino sa Pagbasa at Komposisyon Aklat para sa Filipino Pandalubhasaan at Pampamantasan. Metro Manila; Rex Bookstore, 1985.

Cayne, Bernard S. The New Lexicon Webster's Dictionary of the English Language. New York: Lexicon Publications Inc., 1992.

Cruz, Benjamin C. Informal Reading Test Manual of Directions Current Trends in the Teaching of Reading. Metro Manila: Philippine Normal College 1980.

Espeña, Felicidad P et al. Teaching Strategy I for the Teaching of Communication Art,; Listening, Speaking, Reading and Writing. Quezon City: Katha Publishing Co. Inc., 1988.

Flexner, Stuart B. Random House Unabridged Dictionary. Second Edition, Random House Inc., 1993.

Gwinn, Robert P. et al. The New Encyclopedia Britannica, Inc., Chicago: 1991

Robles, Felicidad C. Developing English Proficiency Book I Sta. Cruz, Metro Manila: Goodwill Trading Co., Inc., 1986.

Sagalongos, Felicidad T. Diksyunaryong Ingles-Filipino-Pilipino-Ingles. Mandaluyong, Metro Manila: National bookstore, 1986.

Santos, Rosita et al. Statistics Philippines: Centro Escolar University Press, 1998.

Strang, Ruth et al. The Improvement of Reading. New York: McGrawhill Book Co., 1987.

Sullivan, Sally. Vision and revision; The Process of Reading and Writing. MacMillan: 1988.

Tobin, Richard I. Reading is a Habit. New York: 1980.

Walpole, Ronald E. Introduction to Statistics; 3rd. ed.

## B. MGA ARTIKULO AT PERYODIKO

Carrell, Patricia L. and Eisterhold, Joan C. “1983 Scheme Theory and ESL Reading Pedagogy”, TESOL Quarterly (May, 1983)

Fernandez, Gil G. Health and Home (July-Aug, 1997)

Gil, Avelina J. “Reading and Love for reading” Philippine Journal of Education, Volume LXXIII, January, 1994.

Johnson, Sharon A. “How to raise Kids Who Read?” Health and Home, Volume XXXIII, No. 1 (January-February, 1995)

Juanino, Fe, “Lets Encourage Our Children to Read,” Modern Teacher, Volume XXXIII, No. 2, (June, 1984).

Paguio, Bernabe “Fastest Reader”, The Manila Times, (December, 1980)

Paterno, Ma, Elena, “Reading Disability” Philippine Journal of Education, Volume LXIV, No. 1, (June, 1985)

Rizal, Jose M. “A Letter to his Sister, Germany March 1889,” Excerpt from Epistolario Rizalino I No. 5 p. 172, republished by Philippine Daily Inquirer, (February, 1997).

Tacio, Henrilito D. “The Pleasure of Reading " Health and Home (May-June, 1994).

Trelease, Jim "Read Aloud", Health and Home Volume 36, No. 1, (January-February, 1995).

## C. MGA TESIS

Codoy, Europia A. "Effectiveness of Silent Reading Comprehension Exercises on the Reading Achievement of Pangdan Grade II Pupils" Unpublished Master's Thesis, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar, 1996.

Frias, Luzvisa, "The Effect of Intensive Reading on the Speed and Comprehension Performance of Grade VI Pupils at Philippine Normal College Laboratory Elementary School," Unpublished Master's Thesis, Manila, 1984.

Isip, Juanito D. "The Reading Skills and Difficulties of Grade Six Pupils of the Division of Pampanga, School Year 1981-1982, as Determined by their Performance in the MECS Diagnostic Reading Tests,' Di-nalathalang Tesis sa Master, Guagua National College, Guagua, Pampanga, 1982.

Jumao-as, Teresita C. "A Study of the Difficulties in the Teaching of Reading I Grade III at Inabanga District, Inabanga, Bohol 1986: Implications to the Development Reading Program", Unpublished Master's Thesis, University of Bohol, Bohol, Tagbilaran City, 1986.

Ladera, Carmelita, “Kahirapan sa Talasalitaan, Balarila at Pagbabasang Pag-unawa sa Wikang Pilipino ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang ng Paaralang Publiko ng Bayan ng Catibigan”, Di-nalathalang Tesis sa Master, Tagbilaran, 1985.

Laguda, Jesus J. “Isang Pagsusuri ng mga Kahinaan sa Pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang ng mga piling Paaralang Elementarya, Unang Purok ng Calatrava, Sanagy ng Negros Occidental: Implikasyon sa Mabisang Pagtuturo,” Di-nalathalang Tesis sa master, Negros Occidental, 1989.

Landingin, Barbara B. “Ang Kakayahan sa Pag-unawa sa Kahulugan ng Binasa sa Pilipino ng mga Mag-aaral sa Ikatlong baitang ng Silangang Distrito Sangay ng mga Paaralang Lungsod, Cagayan de Oro, 1984.

Luena, Orosia A. “Pagkakaugnay ng Di-Pormal na Imbentaryo sa Pagbasa at Marka sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikalimang Baitang ng mga Paaralang Sentral at mga Paaralang Rural sa Sangay ng Lungsod ng Calbayog,” Di-nalathalang Tesis sa Master, Leyte State College, Tacloban City, Leyte, 1981.

Machacon, Dolores C. “Isang Pag-aaral ng Kaugnayan sa Bilis at mga Kasanayan ng Pagbasang Tahimik sa Apat na Antas ng Pagbabasa na may Pag-

unawa ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Baitang sa Distrito ng Mabolo," Di-nalathalang Tesis sa Master, Lungsod ng cebu, 1981.

Pinuga, Rodel L. "A Survey of the Reading Difficulties of the Freshmen High School Students of Reina Mercedes Vocational and Industrial School During the School Year 1983-1984," Di-nalathalang Tesis sa Master, Philippine Normal College, Manila, 1984.

Razon, Juliana R. "The Speed and Comprehension Profile in Silent Reading in Terms of the Four Dimension of the Grade Six Central and barrio School Pupils in Relation to Their Socio-Economic Status in the District of Oslob, Cebu", Di-nalathalang Tesis sa Master, Lungsod ng Cebu, 1983.

San Antonio, Concepcion, "Ang Pamaraang Marungko sa Pagpapabuti ng Pagtuturo sa Panimulang Pagbasa sa Filipino", Nalathalang Tesis sa Master, Dibisyon ng Rizal, Lungsod ng Pasig, 1998.

San Buenaventura, Luz S. "Ang Paghahambing ng Pagbasang Tahimik sa Pilipino at Ingles sa Ikaanim na Baitang ng Paaralang Elementarya ng De Castro 1985-1986" Di-nalathalang Tesis sa Master, Ortanez University, Quezon City, 1986.

Sanchez, Eva C. "Mga Kagamitang Panturo sa Paglinang ng Pag-unawa sa Pagbasang Tahimik sa Pilipino para sa mga Mag-aaral na Yogad sa

Mataas na Paaralan ng Echague," Di-nalathalang Tesis sa Master, Isabela, 1987.

Villareal, Ariston M., "Mga Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Unang Baitang, Purok ng Del Gallega", Nalathalang Tesis sa Master, Camarines Sur, 1991.

Bartolome, Rosario O., "Ang Bisa ng PVOSBM, (Phono Visual Oral Sound Blending Approach) na Pagdulog sa Kahusayan sa Pagbasa sa Filipino sa Unang Baitang ng mga Mag-aaral na Waray", Di-nalathalang Disertasyon, Divine Word University, Tacloban City, 1983.

Hayford, Jane M. "Achievement and Attitudes of International Age Children in Grade 4, 5, 6 Relative to the Reading Comprehension of Poetry", Dissertation Abstract International Florida State University, 1983.

